Tagalog
65-1125

# Ang Hindi Nakikitang Pagkakaisa ng Nobya Ni Cristo

Invisible Union Of The Bride Of Christ

November 25, 1965
Shreveport, Louisiana USA

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

www.biblebelievers.org/messagehub

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

# Ang Hindi Nakikitang Pagkakaisa ng Nobya Ni Cristo

1 Ipinagpaliban ko muna ang pangangaso ng sa gayon ay makapaglingkod ako sa Panginoon... Nagagalak kaming maparito. Wari ko'y noong huli kaming maparito ay sinabi ko sa inyo, sa tuwing paparito kami ay laging may nawawala. At kung makakabalik kaming muli sa susunod na taon, kung magtatagal pa ang Panginoon, mayroon na namang mawawala.

2 May isang taong naging totoong malapit sa aking puso at diwa—iyon ay si Brother Lyle. Lagi niya akong sinasalubong tuwing papasok ako rito, nakatayo ako roon at nakikinig sa loob ng silid aralan ni Brother Jack, ng makalumang awitin ng kuwartet. Umaawit sila sa langit ngayon. Buweno, isa sa mga tinig na iyon ay naroroon na at naghihintay sa tatlong iba pa. Sa palagay ko ay hindi ko na kailan man maririnig pa iyon dito sa ibabaw ng lupa. Datapwat totoong pinananabikan kong marinig iyong muli, si Brother at Sister Moore at ang mga kasama nila doon sa lupain kong saan sila'y…hindi na magdidilim.

3 Si Brother Palmer ay isang dakilang lingkod ni Cristo. Naaalala ko pa nang ikinikuwento sa akin ni Brother Jack ang tungkol sa kanyang buhay na inilaan sa Diyos. Magkasama silang nagkakarpintero, at ang sabi niya ay kapag nanananghalian daw siya; hawak niya ang sandwits niya habang nagbabasa siya ng Biblia. Kita n'yo, nakagawa siya ng mga dakila at makapangyarihang gawa, itong si Brother Palmer. Isa siyang mahusay na karpintero; at isang mabuting ama ng kanyang mga anak; napakaganda ng pamilya niya. Iminulat niya silang lahat sa paglilingkod sa Panginoon. Sa abot ng kaalaman ko, lahat sila ay ligtas at puspos ng Espirirtu Santo. At iyan ay isang dakilang kontribusyon sa sino mang tao sa mga araw mang ito—mga kabataang lalaki at babae. Datapwat, nauunawaan nating kahit pa gaano karami ang nagawa nila ay mauuwi parin iyon sa wala hanggang sa maglingkod ka sa Diyos—malibang maglingkod ka sa Diyos; sa gabing ito, ang nagawa niya dito sa ibabaw ng lupa, ang mabubuti niyang gawa, naparoon na siya sa kanyang gantimpala upang makapiling niya ang mga iyon. Pagpapahingahin nawa ng Diyos ang kaluluwa ng ating kapatid. Alam kong hangg't ito'y nananatiling isang tabernakulo, rito, alam kong inyong…ang tinig niya ay mamamalagi rito.

4 Si Sister Annajaenne at ang kapatid niyang babae na tumutugtog ng organ at ng piano…at kong paanong hindi nila kinakailangang maghintay minsan man. Basta na lamang tatayo roon sa Brother Palmer at bigla na lamang siyang aawit—magpapatuloy siya; makukuha kaagad nila iyon. Lagi kong inaabangan ang pangunguna niya sa awitan. Sa mga anak niya, sa maybahay niya; at kay Brother Jack, na matalik niyang kaibigan, naging matalik silang magkaibigan sa loob ng maraming taong nagdaan; at si

Brother Brown; si sister Brown; at lahat sa inyong mga taga tabernakulong ito; pagpalain nawa kayo ng Diyos. Hinahanap-hanap ko rin siya. Pagpapahingahin nawa ng Diyos ang kanyang magiting na kaluluwa hanggang sa makatagpo natin siya sa dakong payapa. Yumuko tayo.

5 Mapagpalang Ama sa langit, pinag uusapan lang naming ang dakila mong lingkod sa gabing ito, hinahanaphanap ko siya sa gabing ito, ang pagkamay niya sa akin at ang matamis niyang ngiti sa tuwing sasabihin niya sa akin," pagpalain ka ng Diyos, Brother Branham," habang papasok kami sa pintuan. Alam kong siya ay nasa tahanan mo na ngayong gabi. Kaya akoy dumadalangin, mahal na Diyos, na itulot mo na ang mga bunga at mga gawang susunod sa kanya ay maging dakila; magpatuloy sa kanyang mga anak at sa kanyang asawa. Dinadalangin din namin na pagpalain mo siya, Panginoon. Sinabi mo na Ikaw ay magiging asawang lalaki sa mga balo na tunay ngang balo. Idinadalangin ko rin si sister Palmer at ang lahat ng kanyang mga anak, ngayon. Magagawa kong makisimpatiya sa kanilang dalawa, dahil nawalan na ako ng katuwang sa buhay, nawala rin ang aking ama.

6 Kaya Ama habang naririto kami ngayong gabi, dumadalangin kami na ihanda mo ang aming mga puso, at pati na rin sa oras na iyon. Hindi namin alam. Maaring dumating iyon sa isang iglap katulad ng naganap sa kanya. Hindi naming alam kung kailan iyon daratal, datapuwa't alam naming iyo'y walang pagsalang darating. Kaya nga, ang dalangin naming Panginoon, nawa ay saliksikin mo ang bawat pusong naririto ngayong gabi. Diyos, huwag mo pong lampasan ang sa akin. Siyasatin mo rin ang puso ko, at ako'y subukin. Panginoon, kung mayroon mang kasamaan sa amin, alisin mo po iyon. Nais naming maglingkod sa iyo. Iyan ang buo naming layunin: ang paglingkuran ka. Ibuhos mo ang iyong Espirito sa amin sa gabing ito at sa susunod pang mga araw ng linggong ito.

7 Pagpalain mo rin ang tabernakulong ito na pinangalanang *Tabernacle of Life.* Matanggap nawa nito ang buong pagpapala ng pangalang iyon at mapuspos ng buhay ng Diyos sa linggong ito. Iligtas Mo po ang bawat kaluluwang ligaw; puspusin ang bawat mananampalataya ng Espiritu Santo; at pag ibayuhin mong muli ang pag-asang nasa namin ngayon, Panginoon.

Dalangin rin naming na pagalingin mo ang lahat ng may sakit at mga nagbabata na kasama naming ngayon. Nawa ang iyong dakilang Espiritong banal ay maparito, Panginoon, at pagalingin, at pahiran ang bawat isa upang makapanampalataya. Itulot mo ang mga bagay na ito, Ama.

8 Diyos, tulungan mo ako ngayon, habang nasa akin ang pagkakataon upang maghatid ng mensahe. Dalangin ko, Diyos, na isang tabi mo ang aking katauhan; at nawa'y ang Espiritu Santo ay dumating at kumilos sa amin, Panginoon; ang banal na Espiritu nawa ang mamahala sa pagtitipong ito, Panginoon. Alam naming lubhang kapos an aming kakayanan. Wala kaming magagawa—walang sino man sa amin.

Hindi namin inaangkin ang kakayahang makagawa nito. Panginoon, batid naming ikaw iyon. Kaya't sa iyo kami umaasa, Panginoon. Kumilos ka, Espiritu ng Diyos, at bumuhos kang sariwa sa amin. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Hesus. Amen.

Ngayon, nais kong ipaabot ang aking pagbati sa lahat ng mga iglesia, ngayon, naka-*hook-up* tayo ngayon sa buong bansa. Tayo ngayon ay nasa *telethpone hook- up*, isang napaka inam na sistema na ating nagagamit ngayon sa pamamagitan ng kapatid natin na si Brother Pearry Green mga taga Beaumont, Texas. At ang mga Iglesiang lubos ma sumusubaybay sa mensahe sa buong Estados Unidos, ay naka *hook up* sa atin ngayong gabi.

9 Ipinaaabot namin ang pagbati sa buong kanlurang baybayin—mula Vancouver hanggang Tiuana, Mexico; hanggang sa San Jose, Los Angeles, lahat ng mga lupong naririyan sa dakong iyan, binabati namin kayo mula sa Shreveport; maging hanggang sa Prescott, Arizona, at sa lahat ng nga kalipunan diyan na naghihintay sa Panginoon, hinahatid naming an gaming pagbati sa inyo; at sa Tucson; ganoon din, sa Sierra Vista hanggang sa New York, at sa lahat ng dako ng bansa. Pagpalain kayo ng Panginoon, ang bawat isa sa inyo. Sana'y naririto kayo ngayong gabi. Dito sa napakagandang bayan ng Louisiana, na maituturing kong pangalawang tahanan.

10 Alam ninyo, kayong mga taga New York, alam ninyo, minsan ay natatawa ako sa inyong paraan ng pananalita. Ako ngayon ay nasa pamamahay ko. Lahat ng mga taga rito, alam n'yo ay nagsasabing, "kumusta ka na, Brother Branham. Isama mo si Sister Branham at ang mga bata at pumasyal kayo sa bahay." Ay, naku, ang sarap ng pakiramdam ko pag naririnig ko iyon. Iyon ang tunay na Ingles para sa akin. Hindi sa minamaliit ko kayong mga taga silangan at hilaga at sa iba pang mga dako, ngunit alam ninyo, sa palagay ko, ako'y sadyang isisinilang na isang matandang " Reb" at kailangang manatili akong gayon. Gusto ko iyon sa ganang akin. Iyon ang tunay na Ingles.

11 Ako'y dumalo sa isang Agahan ng *Businessmen* dito, di pa katagalan ang sabi nila, "tumayo tayo ngayon at awitin natin ang pambansang awit." Tumayo ako at umawit ng, "para sa aking matandang lupain ng Kentucky sa malayong dako…" buweno, para sa akin, iyan ang pambansang awit iyan lang ang alam ko. Kaya't, inihahatid naming ang aming pagbati.

12 At ngayon Sa… pakiwari ko ay ibo-broadkast dim nila ang Agahan ng mga Businessmen, sa sabado ng umaga. Si Brother Green ang magsasabi sa inyo naroroon siya sa mga mikropono ngayon sa gawi riyan. Kaya, sasabihin niya sa inyo kung anong oras magsisimula ang agahan at kung anong oras kayo dapat kumabit gabi-gabi. Magpapasalamat kami sa inyo nang taos sa aming mga puso at idalangin ninyo kami.

13 Ngayon, sa kalipunang local na naririto, sa mga taga Tabernakulo ni Brother Jack: may hihilingin lang ako sa inyo, ngayong gabi. Yaman din lamang at napipinto ko

nang ilahad ang aking mensahe ng Pasasalamat sa buong bansa sa gabing ito, sa ating mga Iglesiang local na sumusunod sa Mensahe, at dito'y maaari akong mapahaba ng kaunti ngunit iyon ay dahil sa maaaring mangaral ako ng ilang doktrina. Kaya, kung… at kung hindi kayo sang-ayon dito—gaya ng lagi kong sinasabi tungkol sa pagkain ng *cherry pie*: 'pag nakakagat ako ng buto, hindi ko itinatapon ang *pie*;buto lang ang iniluluwa ko—at patuloy king kakainin ang *pie*. Kaya, kung ako'y makakabanggit ng anuman ngayong gabi… Buweno, ako'y… iyan ang dahilan kung bakit tinatanggap ko ang paanyayang ito sa gabing ito, nang sa gayo'y makaparito ako upang maihatid ko ang aking mensahe ng Pasasalamat sa mga kalipunan sa buong bansa, ay dahil si Brother Jack ay maluwang na nagbubukas ng kanyang pinto at nagsasabing, "Ipangaral mo kung ano ang nasa puso mo." Kaya, ang pakiramdam ko'y nasa sariling tahanan ako. Kaya nga, maaaring sa ating mga kalipunan ngayon na naritong kasama ni Brother Jack, maaaring may mga ministro o mga taong hindi sasang-ayon sa doktrina. Karaniwan ay sinisikap kong huwag bumanggit ng doktrina sa pulpito ng taong nag-anyaya sa akin. Kaya, pagkatapos ng gabing ito, sa palagay ko, ako'y mananalangin na lamang para sa mga maysakit at pagdaraos ng mga karaniwang gawain; datapuwat naisip kong ipaalam sa inyo bago pa man na kung sakali mang mayroon akong mababanggit na sa palagay niyo'y hindi dapat sang-ayunan, buweno, ipagpalagay na lamang ninyong iyon ay dahil sa aking pagiging ignorante, sa palagay ko—ay hanggang doon lang talaga ang abot ng kaalaman ko, at ipanalangin niyo ako.

Kaya, ngayon, tayo'y tumungo sa Salita sa isang kabanata rito, na nais ko sanang pagbatayan ng maraming mga paksa sa gabing ito, dahil napakarami kong mga kasulatang nais ibahagi at mayroon akong ilang mumunting tala na aking isinulat sa isang mumunting papel dito.

14 Naaalala ko noong una akong pumakok dito sa entablado ng *Life Tabernacle* (dalawampung taon na ang nakalipas) hindi ko na kailangan pang isulat ang aking mga Kasulatan ang mga reperensiya. Dalawampung taon na kasi ang itinanda ko mula noon. Pero ngayon, lampas na ako sa beinte singko—nang makalawang ulit—kaya, hindi ko na mamemorya ang mga iyon tulad ng dati. Kailangan kong isulat ang mga Kasulatang gagamitin ko, at kung minsan ay magbubuod ako ng isang bagay o ng iba pa, na nais kong balik-balikan. At ngayon ang Panginoon nawa ang magpala habang tayo'y bumabasa sa Salita ng Diyos sa Aklat ng mga taga-Roma; sa ika-7 kabanata.

15 Ngayon, nais kong ituro ito bilang isang araling pang paaralang-Panlinggo. Alam kong may mga taong nakatayo, at karaniwang sa aming Tabernakulo, sa Jeffersonville—binabati rin namin kayo riyan sa Tabernakulo. Sa palagay ko, sa aming Tabernakulo ngayon, kung naroroon kayo ngayon—napakaraming taong nakatayo sa paligod ng dingding at punong-puno ngayon ng mga tao roon. Ipinalalagay kong lahat ng iba ay gayon din, mga taong nagmula pa sa ibat-ibang dako ng bansa na nagsidalo ngayon para marinig ang mensahe.



katotohanan, isang katotohanang nagmumula sa inyong puso sa pamamagitan ng inyong pananampalataya. Panginoon, nakalaan akong sumunod sa anumang ipinag-uutos ng Iyong Salita. Isinusuko ko ang aking sarili buong-buo. Kung kaya ninyong paniwalaan iyan ng taos sa inyong puso, ay nais kong tumayo kayo, humarap kayo sa iglesia, ang tagapakinig, itaas ninyo ang inyong mga kamay at magsama-sama tayong umawit nito. "Isinusuko kong lahat ang nasa akin, Diyos. Sa abot ng aking kaalaman, ang buo kung katauhan, sinusuko ko." Puman hik kayo rito sa entablado, kayong mga nasa altar. pumanhik kayo rito sa entablado, mga kapatid ko. Dito sa itaas, lahat kayong mga magkakapatiran.

Tumingin kayo rito, iglesia. [Isang kapatid na babae ang nagpatotoo-Ed.]

225 Isa itong kapatid na babae na lumabas sa denominasyon. Ang sabi niya, "dati akong kasapi ng isang denominasyon." Hindi na natin kailangan pa itong banggitin. Isa siyang manggagawa roon, datapuwat ang sabi niya, "Brother Branham, noon ko pa nais na lumabas sa Katotohanan. May hinahanap akong-isang bagay na wala sa kanila." Hayaan ninyong sipiin ko ang Kaniyang Salita: "Mapalad ang mga nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran, dahil sila'y mangapupuno." Ngayon, kayong mga kapaparito pa lang sa entablado, kung nakahanda na kayong isuko ang lahat,lahat-lahat upang sundin ang Salita ng Diyos. Sinabi na namin sa inyo kung ano ang dapat gawin. Ngayon kung handa na kayong sumuko sa Kaniya ngayon din, itaas lang ninyo ang inyong mga kamay ng paganito sa harap ng kongregasyon. Ngayon, kayong naririto sa entablado sama-sama tayong umawit ngayon, "Sinusuko ko,"sabay-sabay tayong lahat.

Sinusuko ko,

Sinusuko ko,

Ang lahat sa Iyo, Cristo,

Sinusuko ko. Tunay ba kayong sumusuko? Sabihin n'yo, "Amen." Sabihin n'yo "Amen" Minsan pa. sabihin n'yo, "Panginoon, suriin Mo ako. Subukin Mo ako. At bigyan Mo ako ng pagkakataon. Ito lamang ang maari kong gawin ngayong gabi, ang apagkaloob ang aking sarili sa Iyo. Alam Mo ang kagutuman ng aking puso. Alam mo kung ano ang aking pagnanasa. Ipinangako Mong pupunan Mo ang pagnanasang ito. Ngayon ay tinatanggap ko ito. Ngayon, ay sumusuko ako sa Iyo.

Sabay-sabay tayo:

Sinusuko ko,

Sinusuko ko,

Ang lahat sa Iyo, Cristo,

Sinusuko ko.

mga Cristianong matatapat, pumarito kayo at tumayong kasama ko sa panalangin ng ilang sandali. Sa altar, o saan ka man naroroon, sa entablado, sinumang mang taong tunay na nakakikilala sa Diyos – pumarito kayo dahil nais kong makasama kayo sa panalangin, pagkatapos ay wawakasan na natin ang Gawain. Lahat ay maging tunay na mataimtim, ngayon.

222 Huwag kayong aalis, pumarito muna kayo sa palibot ng altar – kayong mga taong tunay na naniniwalang ito'y katotohanan na tayo'y pumapasok na sa ibang panahon; papasok na tayo sa kapanahunang naagaw nang pataas. Alam n'yo, hindi magaparoroon ang iglesia sa kasalukuyan nitong kalagayan. At hindi na ito maaari pang bumuti; lalala pa nga ito. Ilan ba ang nakababatid nito, magsabi ng, "Amen." Lalala ito at hindi ito maaaring pumaroon habang nasa ganito itong kalagayan. Kita n'yo, kailangng may maganap at kasalukuyan na itong kumikilos ngayon, mga kaibigan. Kumikilos na ito, nagsimula na ang pagkilos para sa Nobya. Iyan ang katotohanan. Iyan ay ITO ANG SABI NG PANGINOON. Magsikilos na kayo, mga Cristianong tapat na nagnanasang ang record ninyo ay – ang malaman na nais ninyong manalangin para sa mga taong ito na naparito ng buong katapatan bilang mga kapatid nila, pumarito kayo sa palibot ng altar. Tumayo lang kayo rito sumandali para sa panalangin.

223 Mayroon pa bang nais pumarito? Palibutan ninyop sila at lumuhod kayo sa tabi nila, kung saan man may puwang sa tabi ng mga taong ito, buong pagmamahal at kababaang-loob , manalan gin kayo para sa kanila.

Mahal na Diyos, tulungan Mo po nag mga ito. Isinusuko ko ang lahat. Isinusuko ko ang aking denominasyon. Isinusuko ko ang aking unag kasal. Isinusuko ko ang aking dating asawang lalaki. Isinusuko ko ang lahat nh bagay, Panginoon.

Sinusuko ko,

Sinusuko ko,

Ang lahat sa Iyo, Cristo,

Sinusuko ko.

[patuloy ang pananambahan-Ed]

224 Kayong mga nasa paligid ng altar na nananalangin, ang iglesia ay nananalangin na para sa inyo; kayo man ay nananalangin narin, ngayon isang paraan lang ang makapag liligtas sa iyo. Iyon ay sa pamama gitan ng pananampalataya, diyan kayo maliligtas, sa pamamagitan ng biyaya – ang biyaya ng Diyos ay nangusap sa inyo; inihatid kayo noto sa altar. hinahanap ninyo ang basbas ng Diyos. Hinahanap ninyo ang Kaniyang Salita. Hinahanap mo ang Espiritu Santo. Hinahanap mo ang mga pagpapala ng Diyos. Kung tunay ngang kayo'y naghahanap, at buong katapatan kayong sumusuko sa Panginoon. Huwag kayong maghanap ng anumang emosyon. Ang hanapin ninyo ay ang



16 Ngayon, gagawin natin itong isang araling pang paaralang-Panlinggo. At ito'y hindi patungkol sa anumang bagay, o kanino mang tao, o ano man – kundi sa Iglesia lamang, ang katawan ni Cristo, na pinagsisikapan nating akayin sa higit na malalim na kaisipan at higit na mataas na adhikain, sa paniwalang ang pagdating ng Panginoong Jesus ay napipinto na. Lalong sumisidhi ang paniwala naton dito. Dalawampung taun na ang nabawas sa ating paghihintay mula nang ako'y unang maparito sa Shreveport. O, napakarami ng naganap simula noon! Ngayon, tayo'y nag-aabang ng pagdating ng ating Panginoon sa ating henerasyon. Hindi ako nag-aabang ng revival sa ating panahon, ang hinihintay ko ay ang pagdating ng ating Panginoon.

17 Ngaton, sa aklat ng mga taga Roma, kabanata 7 – umaasa akong bukas ang inyong mga Biblia ngayon sa lahat ng dako, sa buong bansa – nais nating basahin ito ng buong ingat. Ngayong, ang mensaheng ito, ay parang tungkol sa kasal at diborsiyo; ngunit hindi. Para sa akin, ito'y ang hula para sa Iglesia sa huling mga araw ating basahin.

*O hinda baga ninyo nalalaman mga kapatid (sapagka't nagsasalita ako sa mga taong nakaaalam ng mga kautusan) na ang kautusan ay naghahari sa tao samantalang siya'y nabubuhay?*

*Sapagka't ang babae na may asawa ay itinali ng kautusan sa asawa samantalang ito ay nabubuhay; datapwa't kung ang asawa'y mamatay, ay kalag na sa kautusan ng asawa.*

*Kaya kung samantalang nabubuhay ang asawa, siya'y makikisama sa ibang lalaki, siya'y tatawaging mangangalunya: datapwa't kung mamatay ang asawa, ay laya na siya sa kautusan; ano pa't siya'y hindi na mangangalunya, bagaman siya'y makisama sa ibang lalaki.*

*Gayon hindi naman, mga kapatid ko, kayo'y nangamatay rin sa kautusan sa pamamagitan ng katawan ni Cristo; upang kayo'y makisama sa iba, sa makatuwid baga'y doon sa nabuhay sa maguli, upang tayo'y makipagbunga sa Diyos.*

*Sapagkat ng tayo'y mga nasa laman, ang mga pitang salarin na pawang sa pamamgitan ng kautusan ay nagsigawa sa ating mga sangkap upang magsipagbunga sa kamatayan.*

*Datapwa't ngayon tayoy nangaligtas sa kautusan, yamang tayo'y nangamatay doon sa nakatali sa atin; ano pa't nagsisipaglingkod na tayo sa panibagong espirito at hindi na sa karatihan ng sulat.*

18 At ngayon tayo'y manalangin: mahal na Diyos, kababasa lang namin nitong pinananampalatayanan naming sagradong Salita ng Diyos. At iyan ang aming pinaniniwalaan: na wala ni kahit ni isa mang tuldok o kudlit na nakasulat dito ang lilipas hanggang sa ang lahat ay maganap. At kami'y naniniwala sa sinabi ng aming Panginoon sa ika-22 kabanata ng Apocalipsis na sino man ang magbawas ng isa mang

salita Rito o magdagdag ng isang salita Rito, ang kanyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay.

19 At nauunawaan namin na sa maling paglatag ng Salitang Ito tulad ng ginawa ni Satanas kay Eva, na naging sanhi ng pag-aalinlangan niya sa isang salita, at nagbulid sa sangkatauhan sa isang lugmok na kaguluhan—dahil lang sa isang salita. Kaya nakikita namin sa kalagitnaan ang Aklat na dumating ang ating Panginoon at Tagapagligtas, at ibinigay Niya sa amin ang siping ito tungkol dito: *"Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng ating Panginoon."* At ang pagkatapos ay ang mahigpit na bilin sa huling aklat ng Kapahayagan ni Jesus Cristo. "Kung sino man ang magdagdag o magbawas ng ano mang salita, ang kanyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay."

20 O, Diyos yamang nalalaman Mo at nakikita Mo kung gaano kami karupok, na kami'y tumatahak sa marurupok na sinulid ng mortal na buhay na ito, na hindi namin alam kung kailan kami ipatatawag upang managot sa Kaitaasan, itulot Mo, o Panginoon, na iwaksi namin ang lahat mula sa aming puso, at lahat ng nasa ng aming diwa at kami'y tumingin ng tuwid sa Iyong Salita ngayong gabi. Itong buhay na Salita.

Itulot Mo ito. Nawa ang espiritu Mo ay sumaamin at pahiran ang mga Salita tungo sa aming mga puso, upang kami'y humayo mula sa lugar na ito ngayong gabi, na higit na mabubuting tao kaysa ngayon; nang sa gayo'y magkaroon kami ng higit na malapit na pananaw kay Cristo Jesus. Itulot Mo ito, Panginoon, nang aming maunawaan ang araw na aming kinabibilangan, at paghahanda nga Diyos para sa Kanyang bayan sa oras na ito—ang dakila't mapanganib na madilim na panahon ang aming kinabibilangan.

21 Diyos, pahiran mo kami—hindi lamang ang tagapagsalita, kundi pati ang mga tagapakinig, at sama-sama Mong panginigin an gaming mga puso, sa pakikinig ng Iyong Salita. "Ipagkaloob Mo po ang nga bagay na ito, Ama, dahil ito'y hiling namin sa Ngalan ni Hasus. Amen.

Nais kong pamagatan ang ilang mga pangungusap na nais kong bitiwan ngayon at ang ilang mga Kasulatang nais kong isunod, kung loloobin ng Panginoon, bilang mensahe ng pasasalamat, ng – *Ang Hindi Nakikitang . . . Ang Hindi Nakikitang Pagkakaisa ng Nobya ni Cristo, Ang Hindi Nakikitang Pagkakaisa ng Nobya ni Cristo.*

22 Parang hindi ito mensahe ng pasasalamat. Bagama't ano mang Kasulatan . . .tayo'y nagpapasalamat sa lahat ng Ito. Ako'y nagpapasalamat sa Panginoon na ako'y nabubuhay sa panahong ito ng pangwakas na mga tagpo ng kasaysayan ng mundong ito. Aywan ko, kung ako'y pamimiliin noong bago pa itatag ang sanglibutan, at kung ilalatag ng Diyos sa akin amg kanyang buong plano at sasabihin Niya sa akin, "Nais kong ikaw ay mangaral. Ngayon, alin bang kapanahunan ang pipiliin mo kung



Isakay mo ako sa Iyong mga bagwis, Panginoon, palayo sa mga bagay ng sanlibutan. Hayaan Mo akong lumipad palayo sa karumihan ng sanlibutang ito; palayo sa aking masasamang bisyo, palayo sa lahat ng aking mga tradisyong maka-denominasyon. Hayaan mong pumariyan ako tanging sa Iyo, mahal na Diyos, upang maibuhos sa akin ng Iyong Banal na Espiritu ang kapatawaran ng lahat kong pag-aalinlangan. Itulot Mo, ngayon gabi, na ako'y maging isa sa Iyong mag anak, sariwa bagong silang, isang bagong nilalang sa gabing ito. Dagitin Mo ako, ilipad Mo ako doon sa malayo hanggang sa hindi ko na marinig ang pagputak ng inahing manok. Dalhin Mo ako sa pugad ng agila, kung saan ako maaaring pakinin ng Salita ng Diyos hanggang sa matuto akong lumipad.

219 Itulot Mo ito, mahal na Diyos. Kunin Mo sila. Sila'y sa iyo. Ito ang aking dalanging puspos ng katapatan, dalangin para sa mga taong naghihingalo. Itulot Mo ito, Ama. Iniaalay ko ang panalangin ito para sa kanila. Para sa kaluwalhatian ng Diyos, isinasamo ko ito.

220 Ngayon, habang lahat ay nakayuko, ditto sa mga nasa palibot ng altar, kayong mga nangakaluhod dito. Marami sa inyo ang nag-aangking kayo'y mga Cristiano, ngunit alam ninyong may bagay kayong nais maangkin na magmumula sa kung saan. Maaring nagawa mo na ang lahat ng bagay. Marahil ay nakapagsayaw ka na sa Espirito; o kaya'y nakapagsalita ka na ng ibang wika, at walang sinomang makapagsasalita uunawain ninyo, ang nasa inyo ay mga kaloob ng Espiritu at hindi ang Espiritu. Kung ang Espiritu ay totoong naririyan, hindi Nito . . . hindi Nito magagawang sumalangsang dito. Tunay bang taos puso kayong naparito sa altar at nananampalatayang sa oras ding ito, habang naririto kayo, na kung tunay kayong kakawala – hindi isa lamang emosyon – kundi taglay ang tunay na walang halong pananampalataya, na tatanggapin kayo ng Diyos at palulusugin kayo sa Kaniyang Salita hanggang sa kayo'y maging mga magugulang na ring agila, at magawa na ninyong lumipad.

Kung tunay kayong nananampataya, at nais ninyong gawin ito sa inyo ng Diyos, itaas ninyo ang inyong mga kamay – kayong nasa paligid ng altar. Pagpalain kayo ng Diyos. Lahat kayong nagsipagtaas ng inyong mga kamay.

221 Ngayon, buong katahimikan, nais kong tawagan dito sa harapan ang mga lalaki't babaeng tunay na nag-alay ng kanilang mga buhay sa Diyos . . . Karamihan sa mga naririto, wari ko'y kakaiba ito. Ganito yata talaga. Kapag ako ang nananawagan sa altar, karaniwang kalalakihan ang tumutugon – hindi kaila sa inyo na karaniwang babae ang tumutugon sa panawagan sa altar; datapuwat puro lalaki ang naririto ngayon, iisa ang babaeng naririto ngayong gabi , marahil ay dalawa. Karaniwang kababaihan ang tumutugon, ngunit marahil ay may dahilan, palagay ko'y . . . marahil ay iniisip ng mga kababaihan na kinakalaban ko sila. Hindi, mga sister. (tatlo raw ang naririto ngayon. Hindi ko kasi makita ang kabuuan ng paligid ng altar.) Halina, kayong

Akin malibang palalapitin ng aking Ama. At lahat ng ibinigay ng Ama sa Akin, at magsisilapit."

Naniniwala ako na kung nakaupo ako saan mang dako riyan sa labas sa gabing ito, magmamadali akong pumarito sa altar at itutuwid ko ang lahat.

" . . . Bakit hindi? Bakit hindi ak lumapit" (Tapos na ba kayo? Natitiyak ba ninyo na hindi ninyo napipighati ang Kaniyang Espiritu?)

215 Kung gayo'y mantili tayong nakayuko. Nakatitiyah kayong hindi ninyo napipighati ang Kaniyang Espiritu. Nakatitiyak ba kayong nagawa na ninyo kung ano ang iniuudyok Niyang gawin ninyo? Tiyak na tiyak na kaya ninyo? Alalahanin niyo, maaaring hindi na kayo muling magkaroon ng isa pang pagkakataon. Maaaring matapos na ang talaan ngayong gabi. Maaaring ito na ang kabuuan nito. Maaaring ito na ang huling teyp para sa iyo. Nakatitiyak ka bang handa ka na ngayon? Kung gayon, iiwan ko na ito sa inyong mga kamay sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

216 Bago ko anyayahan ang iba pang pumarito sa altar ay nais kong ako muna ang manalangin para sa kainla. Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon.

217 Mahal na Jesus, kababanggit ko pa lang sa Iyong Salita, na sinalita ng Iyong propeta, at alam kong sa mga Salitang ito ng mga propeta ay pawang Katotohanan. At sinabi Mo, " Ako Siyang Panginoon ang nagtanim nito ," at tiyak, Ikaw ang naglagay nito sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa man itatag ang sanlibutan. " Akong Panginoon, ang nagtanim nito, at didiligin Ko ito araw at gabi, at baka may umagaw nito sa Aking Kamay." Marahil, Panginoon ay napakarami ng panawagan sa altar ang narinig ng mga taong ito, datapuwat patuloy Kang dumidilig, Panginoon. Narito sial ngayong gabi. Nawa'y lubusan silang kumawala ngayon, Ama, mula sa lahat ng bagay ng sanlibutan: Mula sa lahat ng kasalanan at paghihirap na nasa kanilang mga puso. Buong katinuan at paggalang sa kanilang puso, nawa sila'y kumawala tungo sa Iyong Salita nagyon din at magsabing, "Panginoong Jesus, sa kaibuturan ng aking puso, alam kong may isang bagay na para sa akin na kailanma'y hindi ko pa nakakamit." Bagama't sinikap kong, tulad ng sabi sa kawikaan," sumunod sa mga bakas ng inahing manok" datapuwat may kung anong tila banyaga sakin.

218 Tila ba hindi wasto iton sa aking pandinig. At sa gabing ito, mararamdaman kong ako'y papalapit na ng papalapit sa mga bisig ng Buhay na Salita. Ako'y lumalapit ng buong paggalang at nasa tamang katinuan; ako;'y nananatili ditto sa altar. Nais ko ng kaligtasan, Panginoon, kailangang-kailangan ko ito. Gutom na gutom ako. Ikaw ang nais ko, Panginoon, na yumakap sa akin ngayong gabi . Hindi sa pamamagitan ng emosyon, kundi sa pamamagitan ng Espirito ng pag-ibig. Kulungin ko ako sa Iyong mga bisig, mahal na Diyos. Anak Mo ako. Ang pakiramdam ko'y ako ang agilang pinaguusapan nila. Sapuhin Mo ako, Panginoon, lulukso ako. Tumayo ako mula sa aking kinauupuan at lumuhod ako rito. Sapuhin mo ako, Panginoon. Lulukso ako.



magtutungo ka sa lupa at mangangaral?" Ang pipiliin ko ay ang panahong ito, dahil sa palagay ko ay ito ang *Ginintuang Panahon.*

Oo nga't nais ko sanang maparito sa mga araw na iyon ng Kaniyang pagbisita sa lupa, datapuwa't, ito parin ang palagay ko, na ngayon ang higit na dakilang panahon, dahil ito ang oras ng Kaniyang pagdating upang kunin ang mga taong kaniyang tinubos; malapit na sa pagkabuhay na maguli kung saan ang mga tinubos ay magsisibangon. Anong dakilang pagkakataon ito na tayo'y makapangusap sa mga taong nangaghihingalo – dakilang pagkakataon.

23 Galak na galak tayo tungkol sa bagay na iyon. At alam natin na ang kasaysayan ay mapipinid na. Ang kasaysayan ng mundo ay malapit nang matapos. Kung magkagayon, ay tutungo na tayo sa panibagong araw – sa dakilang Milenyum — isang Milenyum na paghahari kasama ni Cristo, isang libong taon sa ibabaw ng lupa; ang pisikal na pagbabalik ng Panginoong Hesus upang kunin ang isang pisikal na bayan, na luwalhati ng Kaniyang Dugong mapanlinis.

24 Si Pablo, rito, ay nagbibigay ng isang paglalarawan sa Kasulatan tungkol sa Kautusan at Biyaya at inilarawan ito tulad ng Kasal at Diborsiyo. Ang talatang ito ay bihirang maipangaral, dahil mahigit kumulang ito'y tumutukoy sa – tulad sa kasal at diborsiyo; datapuwat tumutukoy ito sa higit na malawak na bahagi ng kasal at diborsiyo, kung paanong pinagsisikapan niya itong isaayos, dito na tayo bilang Iglesia, ay hindi na maaaring ikasal sa sanlibutan habang kasal na tayo kay Cristo at maging legal at makatarungan tungkol dito, gaya rin ng isang babae na nakikisama sa isang lalaki saman-talang buhay pa ang kanyang tunay na asawa.

25 Mayroon akong sariling kaisipan tungkol dito, at ako'y naniniwala na ang isinasaad ng Biblia ay katotohanan. Datapuwat ako'y naniniwala rin naman – at ang paniwala ko, inilaladlad nito ang isa sa mga dakilang hiwaga ng hula. Umaasa akong tutulungan tayo ng Panginoon, ngayong gabi, habang inihahatid natin ito sa mga kababayan nating naghihintay sa buong kapulunan.

26 May nagsabi minsan . . . Binabasa ko iyon ng ako'y nagsulat ng isang tala tungkol dito. Hindi ko matiyak kung saang aklat ito nasulat, datapuwat nakatitiyak ako na ito ay tama: na isa sa mga aklat na nabasa ko tungkol kay Ginoong Moody, sa Chicago. (May isang malaking iglesia sa Chicago na kasaluluyan ding nakikinig ngayon.) Na ito si Ginoong Moody matapos basahin ang Roma 7, ay nagtatakbong palabas sa kalsada, at tinanong ang unang lalaking nakasalubong niya, "Kilala mo ba si Grace?"

At sumagot ang lalaki, "Sinong Grace?"

Ang sabi ni Ginoong Moody, "grace of God."

Kaya nga, labis siyang nagalak nang maunawaan niya kung ano – kung paanong naihiwalay tayo ng biyaya dahil sa kautusan, at kung . . . anong bahagi ang ginampanan ng biyaya. Kung mayroon man akong nais gawin sa gabing ito. Palagi

kong sinasabi sa mga tao na kapag ako'y tumawid na sa guhit patungo sa kabilang buhay, nais kong tumayo at umawit ng: "Anong tamis na biyaya, ang nagligtas sa akin!" Biyaya, ang napakahalagang biyaya, higit nating dapat malaman ang tungkol dito. Dahil sa pamamagitan ng biyaya tayo ay nangaligtas; hindi sa pamamagitan ng kung ano ang magagawa natin, kung ano ang . . .ano mang gawin natin ay hindi ibinibilang; ang biyaya ang nagliligtas sa atin. *"Sa biyaya tayo ay nangaliligtas sa pamamgitan ng pananampalataya."*

27 Nais kong magdagdag ng ilang bagay tungkol sa babaeng ito, na si *Grace*. Nais ko rin siyang tuntunin sa Biblia, at kung tawagin siya rito ay *hirang na ginang* – itong si Binibining Biyaya ang nais kong ipangusap. Alam n'yo ipinahahayag ito ng biblia; ang sabi, ". . . *Sa hirang na ginang* . . ." Kung mapapansin ninyo, ang salitang hirang ay nagsimula sa salitang: *babaeng pinili*. Isang babae sa gitna ng lahat ng iba pa, amg hinirang, tulad ng birheng magluluwal ng katawan ng Diyos sa lupa. Isa siyang babaeng hinirang. Hinirang ng Diyos si Maria. At gayon din naman, ang Diyos ay pumili ng isang Hirang na Ginang na siyang Kanyang Nobya. Siya ay hinirang. Ako ay umaasa na tayo ay kasangkap niyaon sa gabing ito, sa buong mundo – sa buong bansa pala.

28 Ang paglalarawang ito, ay nagpapakita ng kaugnayan ng Nobya kay Cristo – ang Hinirang na Ginang – at kung paanong Siya ay Maihahatid sa Kaniya, kung saan Siya magmumula at kung papaano Siya maihahatid sa Kaniya. Ang Iglesia rito, sa paglalarawan na nakatambad sa atin, ay inilalarawan ng isang babae; at ang babae ay laging tumitipo sa Iglesia, dahil ang Iglesia ay itinuturing na isang Nobya – isang Nobya. Siya ang Nobya ng Panginoong Jesus, ang Anak ng Diyos.

29 At sa tuwina, kung iyong pagmamasdan; pagmasdan niyo ang kalagayan at ang asal ng mga kababaihan, at matutukoy mo kung nasaan ang Iglesia. ngayon, ito – maaring ang ilan sa mga pangungusap na ito ay kaiba sa pandinig ng ilan sa inyo, datapuwat sinusundan nito ang mensaheng natanggap ko sa Panginoon na pinagsisikapan kong ihatid sa mga tao. Kita n'yo, pagmasdan ninyo ang lahat ng bagay na likas, kung paano itong nagaganap – ang kalikasan – at pagmasdan ninyo ito. Ito'y tumutugma rin naman sa espirituwal.

30 Ngayon, kung titingnan n'yo ang inaasal ng mga kababaihan sa sanlibutan ngayon; pagmasdan ninyo ang inaasal ng makamundong iglesia ngayon. Masdan lang ninyo. Oo nga't nariyan din naman ang asal ng espirituwal na Nobya, ang Iglesia. Kita n'yo. Pagmasdan din ninyo iyon, sapagkat ang likas na naturingan, ay nag-aangkin din namang siya ang Nobya.

Ngayon pakiusap, ipahintulot ninyong sabihin kong muli sa kalipunang lokal na ito: huwag kayong magdamdam, ha. Nangungusap ako sa inyong lahat sa buong bansa, na ipinalalagay kong Hirang na Ginang. Kaya nga, Kung mayroon mang mga ministro rito na hindi makasang-ayon, buweno, manahimik muna kayo ng ilang sandali.



(Ngunit isa kang bahagi ng Kaniyang katawan ) Bakit hindi? (O, munting agila, halika) Ba't di ka lumapit nga . . .Panginoon, ako'y nagpapasalamat. Ako'y labis na nagpapasalamat. Pasasalamat sa Iyo, Panginoon. Hindi dahil sa natural na pagkain, bagama't dapat ding pasalamatan, ngunit Panginoon, dito sa huling kapanahunan ay pinasasalamatan ko ang Pagkaing espirituwal, Panginoon – ang Espiritual na Pagkaing Pitong Tatak na naipangakong mabubuksan. "Ang sabi Mo ay magiging kaiba ang nilalaman nito." Hinding, hindi, hindi ka makapagdaragdag ng isa mang Salita o makapag babawas man . . . nakapaloob na iyon doon. Naitago lang iyon; naselyuhan. Ilan sa inyo ang nakauunawa nito magsabi ng, " Amen."

213 Kita n'yo, sasabihin mo, "Ang alam ko, iyan ay isang Hiwaga na magaganap pa lang." Hindi, hindi, nakasulat na iyon. Hindi ka maaaring magdagdag ng isa mang Salita Rito. Kta n'yo nakapaloob na iyon dito. Kailangan lang na maihayag iyon sa mga huling araw.

Hindi ka ba lalapit? Halina na kayo ngayon, mga kaibigan. Kung hindi mo ito mauunawaan, pumarito ka at lumuhod at kausapin mo Siya tungkol dito. Kung hindi ko kayang ipaliwanag ito sa iyo, Siya ang magpapaliwanag nito; sapagkat Siya ang tagalusaw ng lahat ng pag-aalinlangan.

. . . Sa luklukan Niyang banal.

Bakit hindi? (hindi ka ba lalapit?) bakit hind?

Ba't di ka lumapit ngayon.

214 Alalahanin, naitatala ang mga pangyayaring ito ngayon. Hindi lamang sa teyp na ito, kundi sa dakilang talaan ng Diyos – bawat isa sa inyo. Bawat galaw, maaaring iyuko ninyo ang inyong mga ulo, o kaya'y ipakumbaba ang inyong mga puso, anumang kaisipan ang sumagi sa inyong diwa, tandaan ang lahat nang ito'y kasalukuyang itinatala ngayon sa Kalangitan, at ang pelikula ay ipalalabas sa Araw ng Paghuhukom. Nasaan ang iyong pasiya? O, sa araw na iyon ay saka ka magnanasang magbago

Maghihintay-hintay lang ako dahil napakaraming tao ng tao sa paligid ng altar ngayon. Kita n'yo? Maaring may isa pang nagnanasa kung patatagalin ko pa ito ng kaunti, marahil ay may isa pa sa gawi riyan. Maaring may isa riyan sa New York; o kaya'y diyan sa gawing Philadelphia; diyan sa California o kaya'y sa Arizona; mula sa kung saan ay maaring may isa pang lalapit. Pastor, saan man kayo naroroon, huwag muna ninyong isasara ang pagtawag sa altar. Maaaring hindi na tayo umabot sa susunod na Araw ng Pasasalamat. Maaaring ito na ang huli, at ang mga talaan ay maililigpit na ngayong gabi sa huling pagkakataon. Mauubos na ang teyp isa sa mga araw na ito. Kukunin na ang rekord at ito'y mailalagay sa album ng Diyos. Kita n'yo? At muli iyong ipalalabas at makikita roon ang lahat ng nasa isipan mo ngayon. Huwag mong sabihing hindi mo alam ang kaibahan – alam mo. "Ngunit walang makalalapit sa

pinakadalubhas angv guro noon sa lupaing iyon, datapuwat alam niyang may isang bagay siyang hinahanap.

Hindi kaba lalapit? Minsan pa ay inaanyayahan kita … maging ditto man o sa buong bansa, inaanyayahan kita saan ka man naroroon at sa anumang kapisanan ka kabilang sa oras na ito ng Pasasalamat. Alalahanin ninyo na ang sinasabi ko ngayon ay itini-teyp dito (hindi lamang dito kundi maging sa langit man).

210 Alam ninyo na napatunayan na ng siyensiya na ang bawat galaw mo ay naitatala. Pinatutunayan nila ito. Alalahanin, napatunayan ito ng telebisyon. Hindi nagmula sa telebisyon ang mga larawang ipinapakita nito, ikaw ang larawan, inililipat lamang ito nito, ang mga ginagawa mo sa isang tsanel. Ikaw ay naririyan sa anu't ano man. Kita n'yo, kapag ikinilos mo ang iyong daliri, ang pagkilos na iyon ay naihahatid sa buong mundo – ito'y nakatala.

211 Bawat kaisipang sumasagi sa iyong diwa ay nailalagay sa isang talaan, minsan isang araw ang pagtatala ay titigil na. Ito ay ilalagay sa isang album, at kung magkagayon, sa paghuhukom ay babalikan iyong muli.Naroon ka't nakatayong maikli ang iyong buhok, nag-aangking isa kang Cristiano. Hayun ka't kitang-kita may mga kaisipan kang taglay sa iyong diwa na laban sa Salita – doon mismo sa isipan mo. Hindi mo iyon maitatago. Alalahanin, ang telebisyon – alam ng agham na ito'y totoo.

212 Nakatayo ka rito nagyon, nalalaman mong dapat kang pumarito. Alalahanin mo na kung ang lahat ng ito'y naitatala, na sa araw ng paghuhukom ay magbabalik sa iyong diwa ang lahat ng mga iniisip mo ngayon. Ang lahat ng ito'y mailalagay sa isang talaan; ang buong mundo ay manonood kapag ipinalabas iyon. Bakit hindi magawa ng sanlibutan – titingnan ka nila sa araw ng paghuhukom, sa harap ng lahat ng mga anghel na naroroon ay sasabihin Niya sa iyo, kung ikinahihiya Mo Ako rito, habang ang pelikula mo ay ginagawa ngayon, sa araw ng paghuhukom ay ikinahihiya ri kita. Sapagkat pinahiran Ko ang Aking Salita at ipinahatid Ko Ito sa iyo; datapuwat hindi mo ito pinaniwalaan. Nagkubli ka sa kung anong bagay. "O, napakaganda sa pandinig. Nagawa ko na ang ganito. Sumayaw na ako sa Espiritu. Nagsalita na ako ng ibang wika." Nagawa narin iyan ng mga pagano. "Nagsisigaw na ako." Ang mga pagano rin. Paano mong magagawang talikuran ang Salita kung gayon?

. . . Bakit hindi? Ba't di ak lumapit ngayon?

Bakit hindi, bakit hindi? Ba't di ka lumapit ngayon?

Ano't nagtatagal, kapatid,

O, bakit magpapaliban?

Ipagkakaloob ni Jesus,

Ang iyong bahagi sa Langit.



31 Pansinin, makinig lang kayo . . . pansinin ang ugaling ito. Kapag nakita na ninyo ang babae na nagwawala na, at ginagawa ang ano mang maibigan nila, masdan, at ang iglesia ay gayon din ang ginagawa. Pansisnin! Datapuwat masdan ninyo ang espirituwal na Nobya kapag nagpasimula na siyang magkaroo ng revival, kapag nagpasimula na siyang manumbalik at ituwid ang sarili Niya ayon sa Salita ng Diyos, kung magkagayo'y pagmasdan ninyong muli, kita n'yo, kung paanong ang kasulatan sa panahong iyon, ay may isang mensaheng lalaganap upang sapuhin ang Nobya – sapuhin ang babaeng iyon – ang hinirang. Dahil kung paanong ang sanglibutan . . . si Satanas na mandaraya, na siyang dumaya sa unang nobya upang magkasala laban sa Diyos, sa pamamagitan ng hindi pagsampalataya sa Kaniyang Salita.

32 At ngayon, sa araw na ito, habang nakikita natin ang iglesiang likas sa inyong ebanghelyong intelektuwal, na palayo na ng palayo sa Salita dahil sa "ebanghelyong panlipunan," makikita natin ang kababaihan ng sanlibutan sa lansangan, mga miyembro ng mga iglesiang naturan, ay ganoon rin ang asal. Hindi mo na sila maaaring sabihan pa. Naiwala na nila ang lahat ng pandama ng karaniwang katinuan; naiwala na ito ng mga tao. At diyan na humantong ang iglesia. At makikita ninyo itong tuloy-tuloy na papasok sa Konsehong Ekunomikal, na 'sing-tiyak ng anumang bagay sa sanlibutang ito, at hahantong ito sa Roma ng buong tulin. Kita n'yo? Sapagkat naihula na iyon, at hayun na nga siya. Ganyan ang kanyang inuugali.

33 Dgunit gayunpaman, masdang muli ang Iglesiang espirituwal; kung paanong ang lupon ng mga taong iyon na "tinawag palabas," ang Hinirang sa bawat nagdaang revival. Kay Martin Luther; gayun din ang naganap sa panahon ng Repormasyon. Gayon din ang naganap sa panahon ni John Wesley. Gayon din ang naganap nang ang kilosang Pentecostal ay magpasimula. Muli nilang hinanay ang mga kababaihan pabalik sa salita, at kapagdaka'y muli silang napadpad papalayo. Hayun siya't muli na namang nagbalik sa kaguluhan; datapuwat pagdating ng oras na ang mga tao ay handa ng magpatuwid, may isang mensaheng lalabas, at hahanay sila rito.

34 Si Luther ang mensahero ng isang araw ng pag-aaring ganap; at nag iglesia ay humanay dito – ang iba sa kanila; at ang iba sa kanila ay nagpatuloy. Dumating si Wesley taglay ang pagpapakabanal; kaagad humanay ang iglesia rito. Dumating ang Pentecostes taglay ang pagsasauli ng mga kaloob; ang iglesia ay kaagad humanay dito – ang Hirang sa araw na iyon – at kapagdaka'y kumupas; muli iyong nagbalik sa pagiging maka-denominasyon at kaagad lumabas kasama ng iba pa sa kanila – lahat sila ayon sa pagkakasunod-sunod.

35 Ngayon, ngunit kung inyong papansinin, kapag ang mga tao ay nagpasimula ng magsikap na humanay sa Salita, may dumarating na isang sariwang mensahe mula sa Salita ng Diyos tungo sa mga tao, at ito ang nagpapanatiling tuwid sa mensaheng iyon – sa bawat pagkakataon. Ito'y nasa Diyos . . . taglay natin iyon. May mga pamilya tayo. Bawat pamilyang naririto ay sanay na sa mga bagay na iyon. May mga

pagkakataon na ang lahat ng bagay ay nagiging maayos para sa iyo sa loob ng ilang taon. Ngunit bigla na lamang, ikaw ay darating sa isang kalagayan kung saan – madalas namin itong mababanggit, dito sa timog, "Kapag umulan, talagang bumubuhos" at ang lahat ng bagay ay nagiging masalimuot. Dumaraan ka sa oras ng gabi. At pagkatapos ay magbubukang-liwayway; at muling sasapit ang gabi. Ang lahat ay nagaganap ng tulot-tuloy.

36 Ang propetang Pablo, dito, ay nagsasabi na ang isang babae ay hindi maaaring magpakasal na muli hanggang sa ang kanyang asawang lalaki ay mamatay. Hindi siya maaaring mag- asawang muli habang nabubuhay ang una niyang asawa. Hindi sa anumang paraan. Dapat siyang manatiling walang asawa habang ang kaniyang unang asawa ay nabubuhay pa. At kung siya'y mag- aasawa, siya ay tatawaging mapakiapid . . . (Ang tinutukoy ko ngayon ay ang natural, upang itipo ito sa espirituwal). Kung ang babaeng ito ay magkakasala ng gayon, mamarkahan siya bilang isang mapakiapid – kung magkakaroon siya ng dalawang asawang kapwa buhay sa isang pagkakataon. Kung magkagayon, maiwawala niya ang kanyang sa Diyos at sa langit kung ito'y gagawin niya – tiyak iyon. Itatakwil siya sa ekonomiya ng Diyos ayon sa Kasulatang kababasa ko pa lang.

37 Gayon din ang iglesia, kapag sinubukan niyang ilahok ang kredo at denominasyon sa salita ng Diyos. Hindi maaaring kasal siya sa denominasyon at pagkatapos ay magiging Nobya ni Cristo nang sabay. Kinakailangang mamatay muna ang isa sa kanila. Ganyan ang isinasaad ng kautusan, dito. Napakaraming mga kautusan sa Salita ng Diyos, at iyon ang Kaniyang Batas. Ganito rin ang sinasabi ni Pablo rito. Hindi siya maaaring maikasal sa isang iglesiyang nanghahawakan sa makamundong kredo at maging Nobya ni Cristo, dahil siya . . . magkasalungat sila.

38 Ngayon, alalahanin, kung sasabihin mo, "Buweno, pinaniniwalaan namin ito, ngunit hindi ang isang iyon." Kung ikaw ay kasal kay Cristo, si Cristo ay Salita ng Diyos. Sa aklat ni Juan sa unang kabanata ay sinabi. *"Nang pasimula ay ang salita, at ang salita ay sumasa-Diyos, at ang Salita ay Diyos."* "At nagkatawang tao ang salita, at tumahan sa ating kalagitnaan." Si Cristo ang buhay na Salita. Siya sa tuwina ang Salita; Siya parin ang Salita; Siya ay mananatiling Salita sa lahat ng pagkakataon.

39 Siya ay nagpapahayag lamang sa mga katangian ng Diyos, dahil Siya ang Anak ng Diyos, at sinumang anak ay bahagi ng mga katangian ng kanyang ama. At kung paanong ikaw ay nasa mga binhing-lahi ng iyong ama, sa katawan ng iyong ama, maging ng siya ay bata pa. Ikaw ay nasa kaniya na, datapuwat hindi pa niya magawang makipg-ugnay sa iyo dahil sa hindi ka pa niya kilala. Datapuwat, sa pamamagitan ng lupang punlaan na isang ina, ikaw ay nailuwal dito sa lupa at naging kawangis ng iyong ama, at nang magkagayon ay maaari na siyang makisama sa iyo. Kaya nga kayo ay mga anak na Diyos bago pa man magkaroon ng buwan, ng bituwin, o ng isang mulekula – kayo ay mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Dahil kayo ay mga pisikal



206 Pasasalamat – O,Diyos, lubos akong nagpapasalamat sa Iyo. Na sa tanang buhay ko, alam kung mayroong kung ano, Panginoon. Hindi ako kailanaman nasiyahan – nagsisikap ako. Inisip kong sa susunod na taon ay magagawa ko na iyon; sa susunod na linggo ay magagawa ko na iyon; kapag nakarinig muli ako ng tawag sa altar. Balang araw ay lalapit din ako. Lagi ko itong ipinagpapaliban. Ngunit Panginoon, alam kong may kamalian sa akin. Noon pa ma'y alam ko nang may bagay na kaiba akong nadarama, at ngayon, Panginoon, ngayong gabi ay nagpapasalamat ako sa paghahanda na ginawa ng Anak ng Diyos na ang aking mga kasalanan – samakatuwid ay ang aking hindi pananampalataya – ay maaaring mahugasan at maalis sa akin.

Ako ay dumudulog nagyong gabi, at lumuluhod upang tanggapin ang biyaya ng dakilang Pasasalamat na ginawa ni Jesus Cristo para saakin, nang mamatay Siya para sa akin sa Kalbaryo.

Nais mo bang lumapit? Ngayon ay may mga taong nakaluhod sa paligid ng altar, dito. Bakit hindi ka tumindig at lumapit? Noon mo pa nais gawin iyan. Sinubukan mo nang gawin iyan.

207 Alalahanin lang natin ang ating kapatid na si Lyle Palmer, an gating butihin at mahal na kapatid. Nakupo siya sa loob ng bakuran, ayon sa aking pagkaunawa, binabantayan ang maliit niyang anak na babae habang naglalaro siya ng *croquet* o nauman'yon doon sa labas, at bigla na lamang siyang sumubsob sa kaniyang upuan at patay na siya bago ap siya makakilos.

208 Hindi mo alam kung anong oras ka papanaw. Tunay na hindi mo alam kung anong oras ka lilisan. Maaaring ngayong gabi. Kaya nga, bakit hindi ka lumapit at isaayos ang lahat ngayon? Halikayo, bayan. Hindi ba ninyo nadaramang may kung anong humihila sa inyo? Alam kong marami sa inyong nangaririto ang dapat lumapit dito sa altar – naniniwala akong hindi lamang ang anim o pitong kataong ito na naririto ang dapat pumarito.

209 Ngayon, kung pinaniniwalaan ninyo ako at nakikita nin yong lahat ang nagaganap sa entablado; paniwalaan ninyo ako ngayon. Isang araw, ang tinig ko ay matatahimik na, at hindi na ninyo ito muling maririnig. Baka sa araw na iyon ay saka n'yo maisip na dapat pala ay lumapit na kayo ngayon.Sasabihin mo, "Ngunit Brother Branham, matagal na akong kasapi sa iglesia …" Walang kaibahan iyan, ano man ang matagal mo nang ginagawa. Si Nicodemo ay kasapi rin sa iglesia. Gayon din naman si Juan, si Pedro, si Santiago, si Pablo, at ang lahat ng iba pa, ay dati ring mga miyembro ng iglesia. Si Pablo man ay kasapi rin ng simbahan hanggang sa may maganap isang gabi, o isang araw pala iyon – at dumulog siya. Nabago siya noon mula sa pagiging kasapi ng simbahan at nagging isa siyang anak ng Diyos.

Hindi kaba dudulog? O, bihasa siya, intelektuwal siya, alam niyang aral siya; sinanay sa isa sa pinaka mahusay na paaralan ng panahong iyon – si Gamaliel. Isa sa

kapulunan at maging sa buong mundo kung saan ang teyp na ito ay pakikinggan, sila rin nawa ay makatanggap ng Mensahe ng Pasasalamat at nawa'y malaman nila, sa pamamagitan ng mga pag-babadya at mga bagay na naipahayag, kung ano ang kanilang dapat gawin. Idinadalangin ko ito Ama; itulot Mo nawa ito.

202 Pagpalain Mo sila; sila ay Iyo. Alam ko na ayon sa nakaugalian ngayon, Ama, na dapat naming palapitin ang mga tao sa altar t ako'y dumadalangin, mahal na Diyos na sa bawat misyon, saan man sa paligid, at sa buong mundo, na ang mga tao'y magsilapit sa altar — ang itim, ang puti, ang dilaw, ang kayumanggi, saan man sila naroon. Ang mayaman, ang mahirap, yaong mga hindi nagpapahalaga, ang mga pulubi, anuman sila – ang maka-denominasyon, iyong mga nakaupong may sariling kaparaanan at makasarili.

203 O, Diyos – ang mga hubad, maralita, aba, bulag ngunit hindi nila nalalaman na gayon sila. Sinabi Mong ganito talaga ang mangyayari, at ganito nga ang nangyayari. Kaya nga, dalangin ko Ama na tawagin Mo ang bawat Binhi, ngayong gabi; at saan mang dako sa buong mundo ito makarating, mahuli nawa nito ang mun ting agilang iyon na nakakikilala ng Tinig ng kaniyang Panginoon. Itulot Mo po ito, Panginoon, hinahabilin ko sila sa Iyo sa Pangalan ni Jesus, Amen.

204 Ngayon, habang nakayuko kayo, ditto sa nakikitang tagapakinig kung mayroon ditong hindi pa naliligtas – mga taong hindi pa nagkakaloob ng kanilang mga puso sa Diyos. Hindi ba ninyo naiisip na dapat akyong magpasalamat para sa ginawa ni Jesus para sa inyo? Isipin na lamang na kayo ay makasalanan; na kayo ay naihiwalay sa Diyos n gunit mayroong kumakatok sa inyong puso. Gaano kayo nakatitiyak na hindi kayo isa sa mga mumun ting agilang iyon. Ikaw ay kahabag-habag at mananatiling kahabag-habag hangga't hindi ka lubusang sumusuko Rito. Bakit hindi mo kunin ang pagkakataong ito at nang sa gayo'y mapasaiyo ang pinaka dakilang dahilan, upang ika'y magpasalamat ngayon kapag tinanggap mo si Jesus Cristo bilang iyong Tagapagligtas.

205 Magawa mo kayang pumarito at tumayo sa altar? Sasamahan ko kayo sa panalangin kung kayo'y paririto. Sinomang makasalanan, lalaki o babae, batang lalaki o batang babae, kasapi sa simbahan o hindi. Hindi ang pagsapi sa simbahan upang maging Cristiano ka. Ang altar ay bukas. Lalapit ka ba? Sinomang makasalanang magnanais na pumarito at tumanggap sa Panginoong Jesus Cristo. Kayong mga tunay na pagnanasang totoong tumigil na … ang iba sa inyo na nasa denominasyon na gusto nang tumigil sa pagkain ng pagtuka sa manok. Tigilan na ninyo ang pagsasabing kasapi ako nito, at wala namang masama riyan. Nais ba talaga ninyong malaman kung ano ang tunay na Bautismo ng Espiritu Santo? Halika at nang malaman mo.

Ang altar ay bukas. Nakahanda kami. Tumayo ka lang sa iyong kinauupuan; pumarito ka at lumuhod ka rito sa altar, tulad ng kapatid na ito na nakadudulog pa lamang.



na kapahayagan lamang ng mga katangian ng Diyos doon sa pasimula. Sapagkat iisa lamang ang uri ng Buhay na Walang Hanggan, at ikaw iyon bago pa . . . wala kang kamalayan tungkol sa bagay na iyon; gaya din naman na wala kang kamalay-malay, na ikaw pala noon ay nasa iyo nang makalupang ama. Datapuwat ikaw ay naipahayag ayon sa kanyang wangis – sa wangis ng Diyos, ay nalikha ka, at nahayag para sa kaluwalhatian at pakikisama ng Diyos.

40 At kaya nga, kung gaano katiyak na ang iyong binhing-lahi ay nasa iyong ama na bago pa maganap ang iyong natural na kapanganakan, ang iyong espirituwal na Binhi ay nasa Diyos narin noon pa man. Dahil ikaw ay isang pagpapahayag ng mga katangian ng Kaniyang mga kaisipan bago pa itatag ang sanlibutan. Hindi mo ito maaaring iwasan. Tama'yan.

41 Ngayon, mapapansin natin: at ang buhay na iyon ay nasa iyo na – ang Buhay ng Diyos, na nasa iyo mula pa nang itatag ang sanlibutan. Ngayon, hindi ninyo maaaring ihalo ang kredo ng denominasyon sa Salita, dahil salungat sila sa isat-isa. Ganyang-ganiyan ang tinangkang gawin ni Satanas sa pamamagitan ng kaisipang intelektuwal na inalok niya kay Eva. Ang sabi niya . . . inamin niya na salita ng Diyos ang gayon, ngunit ang sabi niya, "Walang pagsalang hindi ka mamamatay." Kita n;yo at pinaniwalaan nila iyon, at ganyan ang nagawa ng kredo ngayon. Hinihiwalay ng denominasyon ang mga tao mula sa Salita ng Diyos. Hindi ba't sinabi ni Jesus nang Siya'y pumarito, "Kayo, dahil sa inyong mga tradisyon, ay winawalang saysay ninyo ang mga utos ng Diyos sa mga tao"? At sa pamamagitan ng ating mga kredo, ay itiniwalag na natin ang ating pakikisama ng Espirito Santo upang pahiran ang Salita ng Diyos na nakalaan para sa saling-lahing ito. Ngayon, ang Diyos – sa bawat saling-lahi ay nagdadagdag ng bagong bahagi ng Kaniyang Aklat. Ito'y napapagsama-samang katulad ng pagkakabuo ng aking katawan. May nagsabi sa akin na ito raw ay nagpasimula sa aking gulugod, ngunit hindi lang iyon puro gulugod. Mula roon ay tumubo iyon at nag-usbong ng mga tadyang at nagkaroon ng mga baga, at mga kamay, at mga bisig at mga paa at iba pa, at ng mabuo ay naging isang tao, na ako na nga.

42 At sa gayon ding paraan naipahayag ang Diyos sa pasimula at sa wakas Siya ay . . . lumitaw Siya bilang si Jehova, ang Diyos Ama. Pagkatapos ay nagpakita Siya bilang anak ng Diyos sa katauhan ni Jesus Cristo. Ngayon, naman nagpapakita Siya bilang ang Diyos na Espirito Santo – ang nag-iisang Diyos sa Tuwina – tatlong kapahayagan ng iisang Diyos.

43 Ngayon, makikita natin dito sa bawat saling-lahi, ang Diyos ay naglalaan ng Kaniyang Salita mula pa ng pasimula, tulad ng maganap ang ebolusyon; gaya ng – ang unang nilikha ng Diyos, marahil ay ang . . . Sabihin nating una niyang nilikha ay ang buhay-halaman; pagkatapos ay isinunod Niya ang mga hayop, pagkatapos ay nilikha naman Niya ang sangkatauhan kasunod nito – isang uri iyon ng ebulosyon, pataas nang pataas ang uri.

44 Gayundin ang naganap sa Diyos at sa kaniyang Iglesia: pag-aaring ganap sa ilalim ni Luther (unti-unti na Niyang hinuhugot ang Kaniyang Nobya ngayon; nililkha na niya ang Kaniyang Nobya.) pagaaring ganap sa ilalim ni Luther, paglilinis sa ilalim ni Wesley, at pati na ang iba, kita n'yo. Ang Ebolusyon ng Espirito ay pataas nang pataas, dahil ang katawan ay unti-unting nabubuo at patungo na sa bahaging Ulo, at iyon ay si Cristo – Ang Katawan ni Cristo.

45 Ngayon, siya bilang babae, kung siya ay kasal na kau Cristo, na Siyang Salita, hindi na siya maaaring magpakasal pa sa ibang denominasyon nang magkasabay, sapagkat siya ay nakatali na. hindi niya – maaaring pakisamahan ang dalawang asawang lalaki nang sabay. Magkasalungat sila sa isat-isa. Ang isa ay sinugo mula sa Diyos; ang isa naman ay gawa ng tao. Kaya magkasalungat sila. Ang sabi Niya, "Ang salita ng bawat tao'y kasinunglingan at ang Akin ay Tapat." Sinabi iyan ng Diyos. Salungat na salungat sila sa isat-isa gaya ng pagkasalungat ng kautusan sa biyaya – gaya ng ipinangungusap dito ni Pablo.

46 dapat munang mamatay ang isa bago kasamahin ang isa. At kapag pinilit Niya silang pagsabayin, siya ay tatawaging mapakiapid. O, isipin n'yo! New York, Arizona, ang buong kapuluan, pag-isipan n'yo ito! Sinabi ng Diyos na kung magpapakasal siya sa dalawa ng sabay, ay tatawagin siyang mapakiapid. Mayroon bang mapakiapid na papasok sa langit? Pakakasalan kaya ng Diyos ang isang mapakiapid? Tiyak na hindi. Sinabihan Niya tayo na huwag nating gawin iyon. Siya ay tatawaging mapakiapid.

At ang mga supling niya, kung siya ay isang mapakiapid, ang kanyang mga anak ay tatawaging mga anak sa labas. Ilehitimo. Hindi lehitimo saan? Hindi sa iglesia, kundi sa salita. Siya ay ilehitimo.

47 Napakalinaw na larawan ang nakikita sa Apocalipsis 3 na panghuling Kapanahunang Iglesia ng Laodicea! Isang ilehitimong kalipunan! Isang maka-denominasyong kalituhan – malahininga. Nagwawala sila pagkatapos ay tatawagin ang sarili nilang mga Cristiano at pagkatapos ay itinatanggi ang Salita ng Diyos; may anyo ng kabanalan, subali't itinatanggi ang kapangyarihan nito – tulad ng hinula ng propetang mangyayari sa kanila.

48 Ang kasal ay ang panakamatandang institusyon sa ibabaw ng lupa. Ang kasal ay ang unang idinaos at itinatag sa Harden ng Eden.

49 Ipinagkaloob sa kaniya ng Diyos ang kanyang katawan bilang isang sagradong habilin. Walang asong babae, walang ibon, walang ibang hayop, walang iba pang nilalang ang katulad niya; wala. Tanging siya lang. Sa pamamagitan nito, siya ay—ang dahilan kung bakit napaka sagrado nito—ay dahil siya ang dapat maghatid ng buhay dito sa ibabaw ng lupa. Ang kanyang katawan ay isang punlaan ng buhay. Kung kaya't, ang dahilan kung bakit ipinagkatiwala sa kanya ang sagradong habiling ito.



Alam ko ang dahilan kung bakit nagawa ninyo iyan. Alam ba ninyo kung bakit ninyo nagawa iyan? Baka kasi sipain kayo ng inyong mga denominasyon.

196 At alam ninyo, marami sa inyo na nakausap ko na, doon sa Furr's Restaurant, at alam ninyo na ito ay Katotohanan. Kahiya-hiya kayo. lumabas kayo sa mga ito. Lumabas ka riyan, Kapatid. Kung mayroong Buhay sa iyo, matutulad ka sa munting agila na ipinangusap ko kanina – pakikinggan mo ang salita ng Diyos.

197 Alalahanin ninyo, mapapakinggan ninyo ito sa huling pagkakataon, isa sa mga araw na ito. Napakalapit na natin. Hindi ka ba dudulog sa gabing ito?

198 Mahal na Diyos, kami ay taimtim na nakaupo ngayon ito'y tunay na isang araw ng Pasasalamat Panginoon. Ako ay nagpapasalamat, Panginoon, na ako'y nabubuhay sa araw na ito. Ito ang pinakadakilang araw. Sa Pablo, ang apostol ay naghangad na Makita ang araw na ito. Ang mga dakilang lalaki noong unang panahon ay naghangad na Makita ito. Ang mga propeta ay naghangad na makita ito. Pinakahintay-hintay nila ang araw na ito.

Hinangad ni Abraham na Makita ang araw na ito dahil naghahanap siya noon ng isang bayan, na ang nagtatag at ang May Gawa ay ang Diyos. At ito'y nasa sa ating mga ulunan ngayong gabi. Nakita ni Juan ang Espirito ng Diyos na bumaba mula sa Langit. Nagpatotoo siya at nabatid na iyon nga ang Anak ng Diyos. At isipin natin ngayon, Siya ay pumipili ng Kaniyang Nobya.

199 Mahal na Diyos, sa boong lupain, sa lahat ng dako, mangusap Ka sa kanilang mga puso. Ikaw lamang ang tanging makababago sa kanilang mga puso. Kung hindi dahil sa binhing nailagay na roon mula pa ng pasimula, ay hindi nila makikita Iyon, Panginoon. Sila'y sadyang . . . aakayin ng bulag ang kapuwa bulag, at tiyak na tiyak na kapuwa sila mahuhulog sa hukay, dahil sinabi ng Iyong Salita na magkakagayon.

200 Ngayon, Ama, naway Makita namin sa buong bansa; sa buong mundo sa Africa, dose-dosena sa buong lupain ng Timog Africa, sa Mozam-bique; lahat ng nasa paligid ng bansa ang mga maliit na kapisanan na kumukuha sa mga teyp na ito at ang teyp na ito ay makararating sa dalawampu pang ibang mga bansa. Unti-unti na nila itong nakikita at kumakalas na sila, daan-daan sila. Hindi kailangan ang marami, Pangi-noon. At kapag ang huling bahagi ay natanggap na sa katawan, darating na si Cristo.

Panginoong Diyos, hinihiling ko sa Nobya ngayong gabi, yaong mga taong nadarama kong nagsikalas na at naghihintay; nawa'y ibukod nila ang kanilang mga sarili sa lahat ng mga bagay ng sanlibutang ito. Kinakailangang humimlay sila sa presensiya ng mainit na sikat ng araw ng Anak ng Diyos, nagbibilad sa Kaniyang Salita at sa Kaniyang pag-ibig. Ipagkaloob Mo po ito, mahal na Diyos.

201 Nawa ang mga taong ito, na nakikita ko, na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay ngayong gabi – ilang dosena sila sa kalakhan ng Tabernakulong ito – idinadalangin ko Diyos na nawa'y sumakanila ang bagong Buhay. Dalangin ko na iyan para asa buong

Pagpalain kayo ng Diyos. Ihanda na ninyo ang lahat ng mga bagay, at ang apoy ay bubuhos na.

191 Iyuko natin ang ating mga ulo, sumandali. Iniisip ko sa mga tagapakinig na naririto sa gabing ito, habang kayo'y napatigil ko rito hanggang s oras na ito na ikasiyam at kalahati, mayroon ba ritong isa , o mayroon kaya ritong isang dosena ngayon na makapagsasabi, "Brother Branham. Ikinahihiya ko ang sarili ko, ang uri ng pamumuhay ko. Napakarami kong nalikhang denominasyon na tao. Alam kong hindi ako nahahanay sa Salita ng Diyos. Hihilingin ko na idalangin mo ako, Brother Branham." Itaas ninyo ang inyong mga kamay . pagpalain ka ng Diyos, pagpalain ka ng Diyos. Tingnan n'yo lang. hanggang doon sa itaas, sa mg balkonahe at sa palibot. Pagpalain kayo ng Diyos. "Alam ko . . ." Ngayon, wag kayong mahiya. Ngyon huwag kayong . . .

192 Diyan sa labas sa buong bansa, mula sa New York hanggang sa California, mula sa Canada hanggang sa Mexico, kayong mga nangagkakatipon sa inyong mga simbahan, kung saan nagkakatipon ang maliliit na kalipunan ng mga taong nananampalataya sa Mensaheng ito nang taos sa kanilang puso. Nagsilabas sila; nagsilabas mula sa mga dakilang kahirapan; mga taong nagsilabas mula sa mga denominasyon. Sila'y mga Binhi ng Buhay. Nadarama ba ninyo ang isang masidhinh pagnanasa ngayon, tulad ng munting agila ay nakarinig ka ng isang bagay na kaiba kay sa dati mong naririnig? Ngunit sa kaibuturan ng iyong puso ay alalm mong iyon ay katotohanan.

193 Kayong naririyan sa loob. May isang pastor na kasalukuyang nakatayo riyan ngayon; nakataas ang iyong kamay, ipapanalangin kita. Ang mga bagay na ito'y hindi naganap sa isang sulok, mga kaibigan. Alalahanin natin, "masikip ang pintuan at makipot ang daan, ngunit mayroong iilang makasusumpong nito." Huwag kayong makisama sa karamihang iyon na patuloy na nagpapatangay, mga kaibigan – ang iglesia ng panahong Laodicea. Maaari siyang magtatalon at magsasayaw sa tugtog ng musika; maligamgam. Hindi naman sinabing magiging malamig iyon na parang yelo. Ang sabi ay magiging maligamgam ito. Iyan ang mga Pentecostal; hindi nila nalalaman na sila'y maralita, aba, at bulag. Bulag sa ano? Sa salita, sa pagpapakilala ng Salita, dahil hindi ito nanggaling sa kanilang organisasyon. Hindi nila matanggap ito.

194 At kayong mga mangagawa riyan sa Tuvson ngayong gabi, hindi kayo sa akin mananagot. Sa Diyos kayo mananagot. Talaong taon akong naroroon. Sinabi ko sa inyo na hindi ako magpapasimula ng iglesia riyan. Talagang hindi. Si Brother Pearry Green ang nagpasimula riyan. Namalagi ako riyan sa loob ng tatlong taon, at kahit minsan ay hindi ninyo ako ananyayahang magsalita sa inyong pulpito. Kulang-kulang na tatlong taon akong nanatili sa Tucson.

195 Kukunin ako ng Panginoon sa disyerto isa sa mga araw na ito. Ang mensaheng ito ay dapat mabuhay. Sinikap kong maiparating ito sa inyo sa abot ng aking makakaya.



Ngayon, maaring dito kayo sumangayon, marami sa inyong mga teologo. Iyon ang humawa sa buong sangkatauhan, ang pakikiapid na naganap sa pasimula. Ang kanyang lupang—punlaan ay nasira. Nagsilang siya ng kambal, si Cain at si Abel. Isang akto—dalawang anak. Saliksikin ninyo ang mga kasulatan.

50 Pansisnin, ngayon ay makikita natin ang kaniyang katawan ay isang lupang-punlaan, at kaya nga, isang sagradong habilin na hindi dapat madungisan iyon

Ngayon, ako'y nagsasalita ngayon, nagbibigay ako ng paglalarawan upang ipakita sa inyo kung saan nakatayo ang Iglesia. Hindi kayo ang tinutukoy ko, mga kababaihan, maging ano Kaman, kayo lamang ng Diyos ang nagkakaalaman maging sa inyong mga kalalakihan, ngunit ang tinutukoy ko ay ang Iglesia at si Kristo

51 Ngayon, ipinagkaloob sa babae ang maghatid ng buhay na tanging ang Diyos lamang ang maaaring magkaloob. Maaring ang kanyang asawa ang nagtataglay ng binhi, datapwat ang Diyos ang nagpapasibol ng buhay. Tama'yan kailangang manggaling iyon – ang lahat ng buhay ay galing sa Diyos. Anumang uri ng buhay ay galing sa Diyos. Nabaluktot lang iyon at iyon ang dahilan kung bakit ito naging makasalanan, datapuwa't ay buhay ay nagmula sa Diyos, Siya ang may katha ng buhay.

52 Ngayon, mayroon siyang isang sagradong . . . Una, nais kong isa-isahin ang tatlong bagay dito na hidi niya dapat layunin. Ngayon, ako'y nangungusap, ilagay ninyo sa isipan ninyo ang Iglesia, habang nangnungusap ako tungkol sa natural na babae, tulad ng isinaysay dito ni Pablo sa ika-7 kabanata ng Aklat ng mga taga-Roma. Taglay niya nag isang sagradong habilin ng isang bertud na ipingkatiwala sa kaniya ng kanya ng kanyang Panginoon – sa isang uri ng bertud. Walang ibang nanghahawakan nito maliban sa babae. Tama' yan. Ipinagkatiwala ito sa Kaniya ng Diyos. Hindi niya dapat dungisan ang bertud na iyon. Kung sakali mang magkamali siya, dapat niyang ipagtapat iyon sa kaniyang asawang lalaki bago siya makisama sa kaniya; at ituwid iyon. Tulad din ng Iglesia na dating kasal sa kautusan ay kinailangan ding humarap kay Cristo, bago maganap ang iakalawang kasalan—kailangan niya munang ipagtapat iyon. Kung hindi niya gagawain iyon at makikisama siya ng sampung taon sa asawang ikalawa at saka palang niya iyon ipagtatapat, kung gayo'y may karapatan ang lalaki na hiwalayan siya, at mag-asawa ng bago. Iyan ang kasulatan ang pangangalunya ay maruming pamumuhay.

53 "Jose, huwag kang matakot na tanggapin si Mariang asawa mo, sapagkat ang kaniyang dinadala ay sa Banal na Espirito." Binabalak sana niyang hiwalayan siya ng lihim, kita n'yo matapos na siya ay makipagkasundo na sa kaniya. Kung ikaw ay nakipagkasundo na sa kaiya sa harap ng Diyos ay kasal na sa kaniya.

54 Pansinin. Ngayon sa kaniya ay inilagak ang isang sagradong habilin na bertud na ipinagkaloob sa kaniya, ipinagkatiwala sa kaniya ng Panginoon. Ang Diyos ang

nabigay sa kaniya nito. Katulad ng pangyayari sa Harden ng Eden – maaari siyang magsabi, ng "oo" o "hindi". Taglay niya nag habiling banal ng pagkababae na ipinagkatiwala sa kaniya na hindi niya dapat sirain. Ang pagkababaeng tinutukoy ko rito ay ang kaniyang asal, ang kaniyang pag-uugali sa harap ng kalalakihan. Hindi siya dapat pumayag na sino mang lalaki ay . . . tingnan n'yo ang mga palabas ngayon, at tingnana ninyo ang mga artista sa pelikula kung paano nilang hinahalikan , niyayakap at nililingkis ang mga babaeng iyon. Ang isang babaeng gumagawa ng isang ganoon ay masama ang ugali. Maaaring tapat siya sa kaniyang asawa, datapuwat sa puso niya – kapag ang mga glandulang iyon, ang mga glandulang sekswal ay nasa mga labi; kapag hinahalikan ng isang lalaki ang isang babae, antimano, ay masasbi mong potensiyal ba siyang nagkasala ng pakikiapid.

55 Ang mga glandulang sekswal ay nasa mga labi ang babae at lalaki. Makahahalik ang lalaki sa kamay ng babae at hindi magtatagpo ang mga glandulang sekswal, datapuwat ang mga iyon ay nasa mga labi. At masdan n'yo ang lahat ng walang kabuluhang ito at ang Hollywood ngayon, at ang lahat ng mga lingkisan at mga pangingibig na ginagawa nila sa babae, at lahat na; at napapanood ito ng mga batang babae. Di kataka-takang ang ating moral ay bugok na, at nabubulok na at napakarumi na! dahil ang mga ito ay napapanood na ng mga bata. Tama iyan. Sadyang magkakaganito sa mga huling araw.

56 Ngayon, panatilihin ang Iglesia sa inyong mga kaisipan. Sa ay nakikipaghalikan at nakikipaglingkisan, at nakikihalubilo sa lahat, maliban sa salita. Nagpapatangay sa Diablo, at sa edukasyon, at mga maka-agham na pag-aaral, at iba pa – samantalang ang edukasyong pang-agham at lahat ng ito ay salungat na salungat sa Diyos!

Ang buong sistema ng kabihasnang taglay natin ngayon, ay walang pasubaling anticristo; ang sistema ng edukasyon ay anticristo; ang kabihasnan ay anticristo. Ito ay laban sa Diyos. Sasabihin mo, laban sa kabihasnan? Ang Diyos ay magkakaroon ng kabihasnan isa sa mga araw na ito kung saan ay hindi magkakaroon ng kaugnayan ang kamatayan.

57 Ang makabagong kabihasnang ito ay nagmula kay Satanas. Patutunayan ko'yan sa inyo, kung ipahintulot ng Panginoon sa gabing ito, sa pamamagitan ng Biblia. Lahat ng ito ay kay Satanas. Sa ating bagong kabihasnan ay hindi magkakaroon ng mga bagay na ito.

58 Taglay niya ang sagradong pagkababaeng ito. Hindi kataka-takang kung bakit ganito ang inaasal ng mga kalalakihan ngayon sa mga babae. Mangyari, iba na rin ang inaasal ng mga babae sa harap nila. Ipinakikita niya ang pag-uugali niya rito sa labas sa pamamagitan ng pagsusuot ng syorts, na hapit na hapit at pagsusuot ng mga panlalaking kasuotan at iba pang mga bagay, pagkatapos ay gagala sa lansangan at magkiki-kembot. Kahit ano pa ang sabihin niya . . . Maaaring malinis siya sa harapan ng kaniyang asawa ngunit sa pananaw ng Diyos ay isa siyang mapakiapid. "datapuwa't



panahon upang gawin iyon, at napakaraming may sakit na dapat kong bisitahin, pati na nga iba pang mga bagay. Kaya ang sabi niya, "Daddy ayaw nila akong dalhin doon." Ang sabi niya "Dalhin mo naman ako."

Ang sabi ko, "Sige na nga."

At si Brother Simpson (sa palagay ko'y narito siya) at ang anak niyang batang lalaki ay gusto ring sumama; kayat dali-dali ko siyang isinakay sa kotse at sumagsag kami.

Nakatayo ako roon sa kanto at nagmamasid. Mayaya ay narinig ko mula roon sa malayo ang isang impit na dagundong na paparating, "bum, bum, bum; tunog ng mga tambol. Nakatayo ako roon. Naisip ko, "Buweno, ang mga maliliit na batang ito, talagang sila'y . . . nabasa nila ang mga aklat tungkol sa army; tiyak na magugustuhan nila ito. Napansin ko na ang unang dumaan ay ang tangkeng ginamit noong unang digmaang pandaigdig. Nagdatingan ang mga iyon – maliliit ang mga iyon. Mayroong – kasunod naman ay ang mas malaki at makabagong tangke ng Ikalawang digmaang pandaigdig – ang malaking tangkeng Sherman na napakalaki at may gatla ang kanyon. Pagkatapos ay dumating ang kasunod, at ang kasunod, at maya-maya ay dumaan din ang mga Ina ng Gintong Bituin, at maya-maya ay dumating naman ang labindalawang beteranong natira sa buong estado ng Arizona noong Unang Digmaang Pandaig-dig – labidalawang beterano. Kasunod niyon ay ang isang korosa, ang mga di kilalang kawal – ang mumunting krus na puti. Naroo't nakatayo ang isang kawal-dagat, isang marino, at iasng kawal na nakatayo at nagbabantay. Sa isang maliit na bahagi ng korosa . . . dooan sa kabilang panig ay naroon ang isang matanda, isang inang maputi na ang buhok, nakaupo at may gintong bituin na nakakabit sa kaniya; iang magandang ginang ang umiiyak – patay na ang asawa niya; at may isang batang lalaki na nakalingon sa kaniyang tabi – at napatay ang ama niya. At kasunod noon ay dumating pa ang iba, at marami pang iba, at marami pang iba, hanggang sa dumating ang bagong hukbong sandatahan.

Nakatayo ako roon. Napakaganadang tanawin niyon, subalit napakalungkot. Biglang pumasok sa isip ko, "O, Diyos, isa sa mga araw na ito, may ibang tanawin akong mapapanoon."

190 Magkakaroon ng isang araw ng pagkabuhay na mag-uli, kung saan ang nauna ay mahuhuli, at nag mga nahuhuli ay nauuna. Ang mga sinaunang propeta ang unang magsisidating , at makikita sa prusisyong iyon na sumusulong at nagmamartsa sa himpapawid, at tyong mga nabubuhay at nananatili ay hindi makapipigil doon sa mga nangatutulog, dahil ang Pakakak ng Diyos ay tutunog, ang mga nangamatay kay Cristo, ay unang babangunin, at hahanay tayo sa likuran nila sa ating pagpasok!Aleluia! mula sa panahon ni Luther, ni Wesley, ng mga Metodista, Presbyterian, pababa hanggang sa huling panahon na tumanggap ng Salita sa kanilang kapanahunan.

185 Iglesia, darating siya sa mga araw na ito. Kasing tiyak ng una Niyang pagparito, muli Siyang paririto. Ihanda na ninyo ang lahat. Ihiwalay ninyo ang inyong sarili sa ipa – magbilad kayo sa init ng araw. Manatiling nakatingala. Lagi kayong mag-abang.

Bigla na lang kaming may narinig doon sa tuktok ng burol, isang tinig ang umalingawngaw sa *loud speaker* na nagsasabi, "Handa na ang lahat!"

Pagkatapos ay nagsalita ang lalaking nakatayo sa tabi ko, ang sabi, "Ibuhos na ang apoy."

At bumuhos iyon sa kahabaan ng bundok na iyon – isang malaking buhos ng apoy at maningning na nagningas – isang tanawing napakagandang pagmasdan.

186 Kapatid, ihanda na natin ang lahat ng bagay, dahil isa sa mga araw na ito, ang apoy ay bubuhos na. Tayo'y papaitaas na. tayo ngayon ay magsisipaghanda para a pagbuhos ng apoy. 187 Nasa mga huling mga araw na tayo. Alam nating lahat ito. At handa na tayo para sa pagparito n gating Panginoon. Ang dapat mong gawin ay ihiwalay mo ang iyong sarili sa lahat ng kasalanan. Ihiwalay mo ang iyong sarili sa anumang may kinalaman sa sanlibutan. Huwag kang padaya kaninuman, sa pamamagitan ng kaniyang kredo. Manatlili kang matuwid sa pangako ng Diyos, ang Salita ng Diyos; at ang Salitang iyan, kung iyan ang Salita para sa panahong ito, ibinindika iyan ng Diyos. Kung hindi, ay hindi iyan ang Salita para sa araw na ito. Ang Salitang nahulog sa panahon ng Pentecostes ay hindi na gagana sa araw na ito. Hindi po, iyon ay para sa Pentecostes. Ito ay para sa Nobya – ang pag-uwi ng Nobya. Iba ang nasa atin. Muli ay ikinatawan iyon ng mga Pentecostal. Nasa kapanahunan na tayo ng Nobya. Kung papaanong ang Salita ni Noe ay hindi maaaring gumana sa mga kaarawan ni Moises. Tulad din ng mga kautusan ni Moises, hindi iyon maaaring gumana sa panahon ni Pablo. Sinikap niyang sabihin sa kanila, "Patay na kayo sa bagay na iyan. At hindi mo na kailangan kunin pa iyan!"

188 Iglesia (kayo, na kinakausap ko ngayong gabi sa buong bansa) kung ihihiwalay ninyo ang inyong sarili sa denominasyon at sa lahat ng karumihan at ng mga bagay ng sanlibuatang ito, at lahat ng mga bagay na iton na . . . ang mga kredong gawa ng tao, mga panuntunan, at mga bagay na tulad nito, at ihiwalay ninyo ang inyong sarili – tumingala kayo. Maghanda. Ang apoy ay bubuhos na, isa sa mga araw na ito. Hahayaan ng Diyos pumarito Siya, at iyon ay magiging isang napakagandang tanawin. Maging handa ka kaya sa Kaniyang pagparito? Maging handa ka kayang pumaitaas sa piling Niya sa Kaniyang pagdating? Ang lihim sa pag-agaw ng sobrenatural na Nobya – "Babaguhin Siya mula sa pagiging mortal tungo sa pagiging imortal; babaguhin sa isang saglit, sa isang kisap mat." Tayong mga nangabubuhay at nananatili ay hindi makapipigil sa mga nangatutulog."

189 Noong isang araw, Araw ng Armistice, ako'y nakatayo roon sa Tucson – nais ng maliit kong anak na lalaki na mapanood ang parade. Nag-aaral ako noon at wala akong



sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nagkakasala ng pangangalunya ang kaniyang puso." At inilalantad niya ang kaniyang sarili nang gayon. Ganyang-ganiyan ang ginawa ng iglesia sa sanlibutan.

Pansinin – ito ay ipinagkatiwala sa kaniyang sagradong bertud, sa kaniyang sagradong pagkababae at ang sagradong pagka-ina – ang igalang niya ang kaniyang asawang lalaki.

59 Tingnan n'yo lang ngayon. Sa ibang mga lungsod ngayon, maraming lungsod, kung saan ay nagdaraos sila ng malaking kasayahan at tinatwag itong sosiyedad – maging mga kasapi ng iglesia – ilalapag ang kanilang mga sombrero sa sahig at magpapakalasing at pagkatapos ay ihuhulog ang kaniliang mga susi sa sombrero; bawat babae ay bubunot ng isang susi mula sa sumbrerong iyon. Lahat na ng uri ng mga ganitong mga party na . . . napakarami ko pang dapat sabihin tungkol sa mga ito, kung loloobin ng Panginoon, wala nga lamang akong oras para talakayin ito. Napakadumi!

At ang iglesia ay ganito na rin kasama. Tama'yan. Nakikiapid sa lahat na ng bagay; wala siyang karapatan para makipag . . . Dapat siyang manatili sa Salita.

Walang masama sa mga gusali; walang masama sa mga ospital. Walang masama sa lahat ng iba pang mga bagay na ito. At mga programang pang edukasyon, walang masama riyan. Kailangan nating mabuhay dito; kailangan nating matutong bumasa; at sumulat; at iyan ay bahagi ng ating kabuhayan.

60 Gaya ng, hindi naman nating kailangang manamit ng pasimula. (mangangaral ako tungkol dito sa linggong ito, kung kalooban ng Panginoon.) Datapuwat kailangan nating magdamit ngayon dahil binigyan tayo ng Diyos ng mga damit; subalit doon sa pasimula ay hindi natin kailangang magdamit – dati na tayong may lambong. Ngayon, ang babae'y nalalambungan ng kaniyang mga kasalanan. Ni hindi niya nalaman na magkakasala na pala siya. Noon, siya ay . . . Ngayon nalalambungan siya ng demonyo; noon, nalalambungan siya ng Diyos – napakalaking pagkakaiaba. Ngayon, napag-alaman natin na pinagkalooban siya nitong banal na habilin na hindi niya dapat sirain, itong pagkababae. Kumilos – ingatan dapat niya ang mabuting pag-uugaling iyon, alagaan dapat niya ang kaniyang mga anak; maging karangal-dangal dapat siya sa kaniyang asawang lalaki. Sa panahon natin ngayon, hindi na pinapahalagahan ang mga bagay na ito ng kababaihan.

61 Subukin n'yong magbantay sa opisina ko minsan at makikita ninyo ang mga lalaking nagpupunta roon kasama ang kani-kanilang mga asawa at dahil nais nilang maging matuwid sa harap ng Diyos ay magtatapat sila sa kanilang mga asawang lalaki kung paano silang nakiapid kung kani-kanino mula ng ikasal sila. O, sasabihin mo, "baka naman ang mga iyon ay . . ." Hindi *mga Pentecostal* ang mga iyon. Ang iba ay ayaw magsipunta. Kaya, ito'y . . . ang sinasabi ko ay . . . kung paanong ito ay

nagpakalayu-layo na! Kapag ang iglesia ay umabot na sa ganitong kalagayan, nakikihalo sa sanlibutan at nakikiuso at lahat ng ito. Malayo na tayo sa mga orihinal na mga Pentacostal, kasing layo ng araw sa gabi. Napadpad na tayo roon sa mga madidilim na kaguluhan, kung saan at naligaw na tayo.

62 Anong sagradong habilin! Anong laking pananagutan para sa isang babae! Ngayon, ay nakikita na ninyo kung bakit siya itinipo sa isang Iglesia; taglay ang katulad na pananagutan gayan ang babae ay may sagradong pananagutan sa kaniyang pagiging ina, sa kaniyang mga bertud, sa kaniyang asawang lalaki; ang Iglesia naman ay may sariling pananagutan sa panalangin,at sa salita, at kay Cristo, tulad din naman ng isang babae! At tulad ng babaeng napatangay sa ibang lalaki; kapag ang iglesia ay napatangay sa mga programang pang-institusyon at mga pagtatayo ng gusali at mga paaralan at iba pa. hindi ko minamasama ang mga ito. Walang masama sa mga ito. May mga mahahalagang pakinabang sa mga ito. Datapuwat ang mga ito'y . . . hindi kailan man sinabi ni Jesus, "Humayo kayo at magpatayo ng mga paaralan." Ang sabi niya, "Ipangral ang Salita!" Diyan sila naging pabaya.

63 Hindi sinabing gumawa ng mga institusyon, mga ospital, at iba pa. ang lahat ng yan ay mabuti. Ngunit hindi iyan ang tungkulin ng Iglesia! Ang tungkulin nila ay ipangaral ang Ebanghelyo. Ngunit naganap na natin ang lahat ng mga bagay maliban dito, napaanod na tayo sa mga gawa ni Satanas, inilalahok ito sa ibang ebanghelyo, at ng iba, at iba pa, hanggang sa ito'y maging isa ng bunton ng kawalang kabuluhan – kabulukan! Maging ang buong – ang buong mundo, nais nitong sumasabay sa takbo ng sanlibutan.

64 Nabasa ko sa *Reader's Digest* dito, hindi pa katagalan, na may mga batang babae raw ngayon na nagmemenopos na, at mga kabataang lalaki na nagpapasimula nang tumawid sa dakong hulihan ng buhay, sa edad na dalawampu hanggang dalawampu't lima—pumapasok na sila sa gitnang gulang. Kabulukan! Bakit! Dahil sa mga makaagham na pag-aaral na naghatid sa atin ng mga bagong uri ng pagkain at iba pa, imbis na mga bagay na likas ang kainin natin. Wala tayong iniwan sa isang bungkos ng naghihingalong kabulukan.

65 Ngayon, ganyan din ngayon ang Iglesia. Nasa ganitong kalagayan na rin ang Iglesia. Siya ay isang tipo. Pinagkalooban siya ng mga mahahalagang birtud ng Espiritu na ipinagkaloob sa kaniya upang ingatan at panatiliin ang Espiritu at Salita, at huwag na huwag siyang makikiapid sa anumang bagay ng sanlibutan o anuman; bagkus ay manatili siyang isang birhen sa Salita tulad ng isang babae na dapat manatiling malinis sa kaniyang asawang lalaki. Ito'y isang sagradong habilin. Upang igalang ang salita ng kaniyang Panginoon at mas pahalagahan Ito kaysa anumang kredong gawa ng tao, o karunungan, o anumang denominasyon. Ang Iglesia ay naatangan ng gayong pananagutan. Sasabihin nila, buweno, " Ang Iglesia naming…" Hindi mahalaga sa akin kung ano paniwala ng iglesia mo. Kung iyon ay salungan sa



nila sa amin na mapapanoon namin iyon, at umano'y masasaksihan naming itong muli. Ang sabi nila, ginagawa nila ito tuwing . . . tuwing panahon ng tag-araw at iba pa. Ang sabi ko, "Buweno, mapapanood kaya natin iyon?" Ang sabi nila, "Ipinangako naming ito para sa gabing ito. Ito ang ipinangako sa amin." Ang sabi, "Naroroon na sila sa ngyon sa itaas at inihahanda na nila iyon ngayon.

180 Ang totoo, handing-handa na ako para sa kaganapang iyon . . . Iyan ang nagaganap ngayon: ang lahat ay inihahanda na para sa isang kaganapan. Isang Iglesia ang kasalukuyang hinuhugot palabas alang-alang sa Kaniyang Pangalan. Kinukuha ang kaiynag Nobya mula sa sanlibutan – mula sa mga denominasyong ito, mula sa lahat ng sanlibutan, sa karumihan, at sa mga bagay ng sanlibutan.

Ang bawat isa . . . ang panooring iyon ay naihanda na. lahat ng tao ay nakatayo na sa labas, at ang sabi, "Ngayon, manatili lang kayong nakamasid, doon sa tuktok ng bundok."

181 Laging ganoon ang kaparaananng pagdating nito. Ganito ang magiging kaparaanan ng pagdating nito sa pagkakataong ito. Laging ganoon ito kung dumating. Hindi sa pamamagitan ng isang denominasyon. Kailanman ay hindi gumamit ang Diyos ng isang denominasyon. Hinding-hindi! Ang reformer ay lumitaw, kinuha niya ang Salita ng Panginoon, at nang mamatay siya, nagtatag ang mga tao ng iasng denominasyon batay doon. Ganito ang ginawa ng mga Pentecostal at pati na ang lahat. Nang ang mga bagong usapin at lahat ay . . . (ganoon lagi nagaganap ang lahat ng bagay). May isang bagong salitang naidaragdag, at pagdaka'y magtatatag sila ng isang iglesia batay dito – gagawa ng isang denominasyon; ihihiwalay ang kanilang mga sarili. Talagang ganoon ang dapat maganap. Hindi mo maaaring talunin ang kalikasan. Lagging ganoon ang pag-inog ng kalikasan:tangkay muna bago dahon, bulaklak at iba pa – ang ipa, pagkatapos ay ang butil.

182 Ngayon, pansinin. Handa na ang lahat. Lahat ay pinaiinit na at hinanada. At lahat ng tao ay naroroon na sa labas. Nanghahaba na ang aking leeg, akbay-akbay ko ang aking maybahay, kami'y nagmamasid – ang mga bata ay nangakatato roon; lahat ay nakatingala paganoon. Naku, nakapananabik iyon, dahil inaabangan namin iyong mangyari. Naipangako iyon sa amin. Amen!

183 Ang Salita ay nangako nito: "Mangyayari nab ago sumapit ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon, narito isusugo ko sa inyo ang propetang Elias. Panunumbalikin niya ang puso ng mga anak sa puso ng mga ama."

"At mangyayari na sa mga huling mga araw, ay ibubuhos ko ang aking Espirito mula sa kaitaasan. Ang dati at ang bagong ulan ay magkakasabay na darating sa mga hulung araw."

184 Lahat ng mga pangakong ito, sa mga kasulatan, ay naibigay na. tayo'y nakatingala na at minamasdan ang tunay na Nobya sa buong bansa sa oras na ito. Nakatingala.

pagsasara – gumagabi na. malapit nang mag-ikasiyam at kalahati. Makakalabas tayo rito ng mga 9:30 kung loloobin ng Panginoon. Maging mataimtim ngayon. Makinig. Minsan . . . sinasalita ko ito ngayon – at ito’y umaabot sa buong bansa. Sa New York ngayon, ay dalawampu’t limang sandali na makalipas ang ikalabing-isa. Hanggang doon sag awing Philadelphia at sa paligid nito, yaong mga minamahal na mga banal na nangakaupo roon at kasalukuyang nakikinig ngyon sa mga simbahan sa lahat ng dako. Hanggang doon sa itaas . . . hanggang doon sa ibaba, sag awing Mexico, hanggang doon sa Canada paikot; at patawid. Dalawang milyong paikot, sa nasasakop ng kontinente ng Hilagang Amerika, halos. Mga taong naroroon, nakikinig sa mga san daling ito – libu-libong mga tagapakinig. Iyan ang mensahe ko sa sa inyo, iglesia. Kayong nakipagkaisa sa pamamagitan ng Salita – na kayo ay patay na sa mga dating asawang lalaking iyon. Kayo’y isinilang nang muli. Huwag na ninyong subuking hukayin pa siya! Patya na siya! Kung isa kang Cristianong isinilang na muli, ang taglay mong munting lahing iyon na naitalaga na sa iyo, iyon ay Salita na naidaragdag sa Salita sa ibabaw na Salita, hanggang sa umabot ito sa kabuuang sukat ni Criato. Tama’yan. Nang maparito na Siya upang kunin ang kaniyang Nobya.

Ngayon handang-handa na tayo para sa isang bagay. Iyon ay ang pagparito ng Panginoon. Hayun ang iyong pangalan sa Aklat ng Buhay.

Ang Aklat ng Buhay ay ang Salita ng Diyos, dahil ang Salita ay Diyos, at tanging ang Diyos lamang ang Buhay. Kaya’t ang iyong pangalan ay naikatawan na sa Biblia, bago pa maging Salita nag Biblia. At kung naririto ka upang isagawa iyon, hindi ba’t magpapatunay ito sa Salita? Hindi ba’t ibibindika ng Iglesia ang sarili niya? Hindi ba’t gayundin ang Malakias 4, at lahat ng iba pang mga bagay na ito, tugmang-tugma, tugmang-tugma, binindika nag sarili nito at ipinakikita nito iyon na nga Iyon?

Nang dumating si Jesus ay sinabi Niya, “Kung hindi ko ginagawa ang mga gawaing ipinangakong gagawain Ko, huwag ninyo Akong paniwalaan.”

Alin ba sa mga lupong naroroon ang sinapian Niya? Ang sabi Niya, “Lahat kayo’y sa inyong amang diablo, at ang kaniyang mga gawa ang ginagawa ninyo.” Kita n’yo? Nasa mga huling araw na tayo, Iglesia. Iyan ang aking mensahe ng pasasalamat para sa inyo.

179 Ngayon, bago tayo magwakas: Minsan ay nagtungo ako sa Glacier National Park. Buong maghapon ay narinig naming ang may magaganap na “pag-ulan ng apoy” sa gabing iyon. Kaya’t nagging abala ang mga tao sa buong maghapon sa paghahanda rito, dahil umano’y magpapaulan sila ng apoy sa gabing iyon. Naglagay sila ng isang uri ng likido . . . at bubuhos ang apoy tulad s iasng malaking buhos ng tubig – kukulay halos iyon ng bahagharikapag bumubuhos iyon, mula sa apoy na iyon habang bumubuhos iyon mula sa yelong iyon. Sa paligid-ligid ng parkeng iyon, ako at ang asawa ko, sampu ng mga bata, ay nagpalakad-lakad sa buong maghapon – nais naming manatili roon upang Makita namin ang eksibisyon ng apoy. Mangyari ay ipinangako



Salita ng Diyos, layuan n’yo iyon! Ang sabi ng Biblia, *“Si Jesu Cristo ay siya rin noon, ngayon at magpakailanman.”*

Sa Marcos 16 ay sinabi, “Ang mga tandang ito ay lalakip sa magsisisampalataya.” Kung taliwas dito ang ipinangangaral ng iglesia, huwag na huwag kayong—kailangang mamatay kayo sa bagay na iyan. Kinakailangan kayong maisilang na muli sa Salita ng Diyos. *“ Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang ebanghelyo sa bawat nilalang.”* Ganiyan dapat kalayo ang marating nito. “Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga magsisisampalataya, at sa buong sanlibutan, at sa bawat nilalang na mananampalataya.” Nakikita na ba ninyo kung paano tayong napalayo rito? Siyanga, ngunit pananagutan niya ito.

66 Ngunit ngayon, tingnan ninyo kung paanong nagawang alisin ng Hollywood ang mga mabubuting katangian ng mga babae. Nakaupo ako rito at pinagmamasdan ang isang mahal na kapatid na may edad na, si Sister Schrader. Maraming mga kababaihan dito sa likud—at si Sister Moore na naririto sa gawing ito—mga nakatatandang kababaihan, na makakalala sa ilang mga taong nakalipas. Na kung ang kanilang mga ina, o maging sila man, ay lalabas sa lansangan gaya ng ginagawa ng mga babae ngayon, (mga kasapi ng iglesia!) ipakukulong nila ang babaeng iyon dahil nasisiraan siya ng bait. Nakalimutan niyang magpaldal!

67 At kung ito’y kahibangan noon, ito’y kahibangan din ngayon! Masdan, ang buong mundo ang nagpaptunay na ito’y hibang. Tingnan ninyo ang mga patayan at mga bagay na nagaganap sa mundo—kahibangan! Ang lahat ng ito ay nagaganap upang matupad ang Apocalipsis—maaring matalakay natin ito sa linggong ito—kung saan ang maga nakakarimarim na mga pangyayaring ito…hindi iyon natural: kundi ang mga bagay na iyon ay espirituwal, na magiging dahilan upang ang mga taong iyon ay sumigaw sa mga bato at sa mga bundok at lahat ng iba pa ay magsiguho sa kanila.

68 Isang lubos na kahibangan na kaagad ay kahihinatnan ng mundong ito! Halos ay gayon na nga ngayon! Buweno, makikita na nga ninyo ang landas na tinatahak nito. Hayun na. Laganap na’t naglipana na sa mga lansangan, patungo sa upuan ng ating mga simbahan—lubos na kahibangan. Gumagawa ng mga bagay na ni hindi sana dapat sumagi sa isipan ng taong naturingang sibilisado.

69 Tingnan n’yo kuna anon a ang ginawa ng Hollywood sa kababaihan. Tingnan kung paano nito inagaw sa kaniya ang mga sagradong birtud ng pagkababae. Hindi tayo matatapos dito. Kita n’yo, lahat ng iyon ay naiwala na niya. Paanong nangyari iyon? Dahil may isang napakabisang instrumento na tinatawag na iglesia tulad din ng naroon sa Harden ng Eden. Isang tusong persona, ang Diablo, nakapasok siya sa iglesia gaya ng ginawa niya sa Harden ng Eden, nagawa niyang dayain ang babae upang magawa niya iyon. Siya ay nadaya. Iniisip ng babae na—hindi niya nais magkamali. Hindi gusto ni Evang magkamali. Hindi niya iyon sinadya. Ngunit siya ay… Sinabi ng Biblia

sa 2 Timoteo 3, “Siya ay nadaya,” at ‘pag sinabing nadaya, hindi mo kagustuhan, nadaya ka lang kaya mo nagawa iyon.

70 At ganiyang-ganiyan ang naganap sa araw na ito. Nadaya na siya ng telebisyon, ng mga babasahin, ng mga taong ito, ng mga magagarang bagayna lumalabas ngayon sa mga lansangan. Mga modernong babae, titingin sila sa mga babasahin at sa mga litratong naroroon, pagmamasdan ang mga taong nasa lansangan; nakikita ng mga kasuotan sa mga tindahan. Itong si Satanas—ang dakilang kasangkapan ng impiyerno ay nakisalamuha na sa tao at dinaya na sila upang gawin ang mga bagay na iyon. At ipinalalagay ng babae na walang masama sa kaniyang ginagawa. At patay na pala siya ay hindi pa niya nalalaman. Malayo na siya sa Diyos. Nakikita na ninyo kung paano niyang naiwala ang lahat ng ito at kung paano itong nagaganap ng hindi napupuna?

71 Sa araw na ito, nais kong pansinin ninyo, nangusap din si Jesus tungkol dito, kung nais ninyong basahin. Binanggit ni Jesus na magaganap ang bagay na ito. Alam ba ninyo iyon? Sa mga huling oras Niya, bago Siya ipako sa krus. Basahin na lang natin. Sa Lucas kabanatang 23, at sa ilang sandali lamang, gaya sa isang araling paaralang Panlinggo, ay simulan natin sa talatang 27, tila minarkahan ko ito rito—nang si Jesus ay patungo na sa Kalbaryo. Makinig kayo habang binabasa ko ito. Mabuti, San Lucas 23:27, wari ko’y dito ito matatagpuan. Ito ang nakalagay sa ating talaan. Siyanga, naririto nga.

*“At siya’y sinusundan ng isang makapal na karamihan sa bayan, at ng mga babaing nagiiyakan at nananambitan dahil sa kaniya. Datapuwa’t paglingon sa kanila ni Jesus ay sinabi, Mga anak na babae ng Jeruzalem. Huwag ninyo akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak.*

*Sapagka’t narito, darating ang mga araw na kanilang sasabihin, Mapapalad ang mga baog, at ang mga tiyang kalian ma’y hindi nangagdalang-tao, at ang mga dibdib na kalian man nangagpapasuso.* ( Isipin ninyo ang nangyayari ngayon:ikinahihiya ng babae ngayon ang pagkakaroon ng anak. Kita n’yo?)

*Kung magkagayon ay magpapasimulang sabihin nila sa mga bundok, mangahulog kayo sa ibabaw namin: at sa mga burol, Takpan ninyo kami.*

*Sapagka’t kung ginagawa ang mga bagay na ito sa punong kahoy na sariwa, ano kaya ang gagawin sa tuyo?”*

72 Tumutukoy ito sa mga araw kung kalian ang mga babae, ay ayaw ng magkaanak. Mas gusto pa nilang mag-alaga ng aso, o pusa o ng iba pang gaya noon, datapuwat ayaw niya ng mga bata. Bakit? Magiging Losyang siya kapag nagkaanak siya. Kita n’yo? Ayaw na niyan… iyan ang sinasabi ng Hollywood. Hindi nila gusto na ang kababaihan ay maging Nanay na Losyang. Kasi siya ay mag—nagpapa-opera ang lalaki, o ang babae, sino man sa kanila para hindi sila magkaanak. Ayaw nilang magkaroon ng anak!



175 Ngayon magsasara tayo sa pangungusap na ito: ganapin ninyo ang dakilang utos – paano nilang magaganap ito? Alam nating mga patay na sila. Hinayaan ng Diyos na mamatay ito sa maka-agham na panahon nito, ang lahat ng mga ito, upang . . . Upang magawa niya ang ano? Ang buksan ang hiwagang nakapaloob sa Pitong Tatak at ilantad ito sa Nobyang hind maka-denominasyon. Paanong matatanggap ng isang denominasyon ang Pitong Tatak na iyon samantalang salungat na salungat iyon – ang binhi ng sarpente at ang iba pang mga bagay na iyon – ang buong kabuuan ng Pitong Hiwaga ay salungat sa mga naituro na sa kanila, dahil pinili nila nag dating paaralan, sa paaralan ng Biblia. At ang Pitong Tatak, na ang Diyos, nang ito’y mabuksan doon sa bundok . . . Diyos, hayaan Mo akong mamatay ngayon din sa pulpitong ito kung hindi ito totoo. Sinabi ko sa inyo ang tungkol ditto, isa’t kalahating taon pa bago pa ito maganap, nung utusan Niya akong magtungo sa Arizona at kung ano ang magaganap doon sa disyerto; at may mga kalalakihang nakaupo rito ngayong gabi na nakatayo roon at nakasaksi nang ang pitong Anghel ay bumaba, at mismong ang mga babasahin – sa *Life Magazine* ay nailathala ang sulatin tungkol sa pangyayaring iyon. Naroon iyon, doon sa obserbatoryo, at lahat na, at ngayon ay wala silang kamuwangan kung ano iyon. At lahat ng bagay na naipangusap, maging ang pagkawasak ng California, na napipinto nang maganap ngayon, at lahat ng iba pang mga bagay na ito, at kung paano kong sinabi sa kanila kung ilang araw iyon maganap. Kung paanong magaganap iyon, kung saan magaganap ang malakas na lindol na iyon na yumanig sa Alaska at ito ang magsisilbing pasimula ng tanda ng panahon, at kung ano ang magaganap. At bawat salitnag nabanggit Nito. Hindi pa Ito nabigo minsan man. Hindi pa ninyo Ito nakitang nabigo kailan man. At hini Ito maaaring mabigo dahil Ito ay Salita ng Diyos, at ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwat hindi Ito mabibigo!

176 Kailangang bukasn ng Diyos ang Pitong Tatak na iyon. Hindi sa loob ng isang denominasyon. Noon pa ma’y laban na laban na ako roon. Ngunit sa loob ng denominasyon, doon Siya kukuha ng isang Nobya – hindi isang maka-denominasyong Nobya. Hindi niya magagawa iyon. Laban iyon sa sarili Niyang Salita. Binuksan Niya ang Pitong Hiwagang nakapaloob doon, at ipinakita nito at dinala nito ang mga bagay na iyon na naitago mula pa nang itatag ang sanlibutam – upang maihayag ang mga iyon sa mga huling araw – sa mga anak ng Diyos. Naihatid na ng mga iyon ang bagay na ito ngayon sa mga tao at nskikita na nila ito. Hayun na kayo ngayon – dito sa hindi maka-denominasyong Nobyang ito.

177 Ay naku, hayan na ang dalawang Aklat ninyo. Ang isa sa kanila ay ang Aklat ng Buhay ng Kordero. Ang pangalan mong nakasulat doon ay nakatalaga na roon. Hindi na ito mapapawi dahil hindi mo na ito maaaring alisin, ano man ang mangyari, sapagka’t ito’y nakatakda nang maisulat doon. Datpuwat ang karaniwang Aklat ng Buhay, maaari mo itong pawiin ano mang oras. Kung hindi kayo magsisisi – napawi naman iyon, dahil haharap ka sa paghatol. Ang Nobya ay ni hindi nga haharap sa paghatol. Tutungo ito sa pag-agaw. 178 Habang ipinapangusap ko ito bilang

papahiran Niya ang Kaniyang Iglesia sa mga huling araw, ang Diyos iyon na muling gagawa sa katawang tao. “Kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, gayon din ang magaganap sa pagparito ng Anak ng tao.”

171 Iyon din iyon. Makikita ninyo ito rito mismo sa mga kasulatan. Basahin at saliksikin ang Mga Kasulatan sapagkat iniisip ninyo sa mga ito ay magkakaroon kayo ng Buhay na Walang Hanggan, at ang mga ito ang magpapatotoo tungkol dito.”

172 Kaya’t alam natin ng mga patay na sila. Hinayaan ng Diyos na ito’y mamatay dahil na rin sa sarili nitong makasarili, maka-agham na mga programang pang-edukasyon. Dati-rati, ang lahat ng mga Pentecostal ay . . .’Pag napagusapan ang isang kabataan na pag-aaralin ng magulang sa Paaralan ng Biblia, nung mga panahong si Brother Rroute at ang mga kasama niya ay naroon pa, itinataboy ka nila palabas ng iglesia! Ngunit, oh, ngayon ay ipinagmamalaki pa nila ito. “Ang anak kong lalaki ay nag-aaral sa isang Paaralan ng Biblia.” Hinuhukay na niya ang sarili niyang libingan.

173 Kaya ngayon, sa palagay n’yo kaya’y matatanggap nila ito ngayon? Sa palagay ba ninyo ay sinusuportahan ko ang pagiging ignorante? Hindi po. Ang sinasabi ko ay may kaibahan ito rito sa intelektuwal na panahong ito, na ating kinabibilangan, kung kalian ang iglesia ay nabuntis na, ng agham at ng lahat ng mga naturingang ito na kaya na nilang ipaliwanag ang lahat. Hindi n’yo kayang ipaliwanag ang Diyos. Dahil ang mga saserdoteng iyon ay gayon kasakdal ang pagpapaliwanag nila sa Diyos, alam nila na kung paanong darating ang Mesiyas. Datapuwat dumating Siya sa paraang kaibang-kaiba kaysa inakala nila – hindi iyon nagging maka-agham. “Paanong mangangaral sa atin ang lalaking ito samantalang isa siyang anak sa labas . . . ? “ Saan ba siya galing na paaralan?” “Saan ba siya kumuha ng edukasyon?” “Saan ba niya natutunan ang mga ito?” “Bakit mo kami tuturuan?” isinilang ka sa pangangalunya.” O, sa kapanganakan ng kabutihan.

174 Nakikita ba ninyo kung paanong nauulit itong muli? Nakikita ba ninyo kung paano itong nauulit? Lahat ng kanilang maka-relihiyong agham. Maka-relihiyong agham – gayon sa sinasabi ng kanilang mga paaralan ng Biblia Gano’n ang kaparaanang nais nila. Kinakailangang magkaganoon, kung hindi ay . . . Lagi silang nalilinlang ng Diyos! Laging iba ang nagiging paraan ng Diyos. Ganoon ang nangyari sa panahon ni Noe; ganoon ang naganap sa panahon ni Moises; ganoon din ang naganap sa panahon ni Cristo; ganoon din ang naganap sa panahon ni Juan; ganoon din ang naganap sa panahon ng mga alagad; ganoon din ang naganap sa panahon ni Wesley; ganoon din ang naganap sa panahon ni Luther, ganoon din ang naganap sa panahon ng mga Pentecostal; at ganito rin naman ang nagaganap ngayon. Hindi nagbabago ang tularan; lagging ganoon ang nagaganap. Mga reformer lamang ang lumabas sa unang anim na kapanahunan hanggang sa ikapito; sa Apocalipsis 10, ang sabi, sa oras na ito ay magkakaroon ng pagbabago, at gayon na nga.



Nangusap si Jesus tungkol dito, ano ang sinabi Niya? “Sa araw na yaon ay magpapasimula silang humiyaw sa mga bato at sa mga bundok upang guhuan sila.”

Pipigilin niya ang panganganak para makadalo siya sa mga party. Ayaw niyang may gumagambala sa kaniyang sanggol na alagain. Masisira ang pigura niya. ‘Pag nabuntis siya, masisira ang hugis ng kaniyang katawan. Hindi na gaya ng dati ang magiging hitsura niya. At ang asawa namang lalaki, sa kawalan ng muwang ay papayag at hahayan silang magkagayon. Ayaw na siyang bigyan ng anak.

73 Nangusap si Jesus tungkol dito at sinabi Niyang sa mga araw na iyon kung kalian ay ginagawa iyon ng kababaihan, “Sisigaw silang muli upang utusan ang mga batong mangahulog sa kanila.” Ito ay ang pagdating ng Panginoon. Nagbabayad sila ng napakalaking halaga para sa mga alagang pusa, aso upang sila ang kalingain. Tama ‘yan. Kailangan niyang kumalinga ng kahit na ano, dahil ang kalikasang iyon ay kaloob ng Diyos sa kaniya.

74 Napansin ko, ako’y nangangaso ng malaking hayop. At ang isang oso, sa panahon ng taglagas, matapos siyang asawahin ng lalaking oso. Magsisilang siya ng mumunting oso: malaki ang mga oso, marahil ay titimbang sila ng mga isandaang libra, o higit pa. Ilalagay niya sila sa isang tabi at sila’y magsisiksikan sa isa’t-isa, dahil may iba pa siyang sanggol na iluluwal. Isinisilang ang mga iyon tuwing buwan ng Pebrero. Walang kamalayan ang osong iyon tungkol sa pag-aanak. Ang mga oso ay nababalot sa isang supot ‘pag ipinapanganak sila. Diyos ang nagtuturo sa kanilang lumabas mula sa mga supot na iyon: parang iyong mga mumunting supot na plastic. Pagkatapos ay magpapasimula silang gumapang: mahimbing ang tulog ng kanilang ina. Hindi pa kumakain ang ina ng anuman simula pa noong buwan ng Oktubre, at buwan na iyon ng Pebrero. Magsisilapit sila at susuusong lahat sa kaniya hanggang sa kalagitnaan ng buwan ng Mayo. At kapag nakita niya ang mga sanggol niya, malalaki ang mga batang osong iyon. Marahil ay mga sampu o labinlimang libra ang bawat isa. At pinasususo niya sila. Kung paano siyang nagka-gatas—Diyos lang ang nakakaalam niyon. Namumuhay siya at nag-iipon ng gatas para sa kaniyang mga sanggol. At kung hindi siya manganganak sa taong iyon, hahanapin niya ang mga… ang mga osong ipinanganak niya noong nakaraang taon at kakalingain sila sa buong tag-araw, dahil nagmula sa Diyos ang gayong kalikasan. Kailangn niyang maging isang ina.

75 At ang isang babaeng ayaw dulutan ng anak ang kaniyang asawa, ay mag-aalaga ng aso, o pusa, o kahit na ano! Kailangan niyang maging isang ina ng kahit na ano! Iyon ang kalikasan nila. Datapuwat para magluwal ng anak para sa kaniyang asawa at palakihin ito sa paglilingkod sa Diyos, malayung-malayo iyon sa kaisipan nila. Magiging kahiya-hiya siya ‘pag nagka-anak siya, kahiya-hiya iyon sa kaniyang lipunanng maibigin sa kasalanan, sa mga kauri niyang kababaihang pang- 1965.

76 Isang tunay na larawan ng makabagong iglesia sa araw na ito. Ayaw din ng makabagong iglesia ang mga ito, ang talian at hiyawan, ang pagsasalita ng mga wika,

ang mga sanggol ng Gawa 2:38 sa kaniyang tabi. Ayaw niya sa mga iyon. Nagsisigawan, nag-iiyakan, at nagtitilian, "Amen! Aleluia!" Aba, kaagad nilang ititiwalag ang gayong mga sanggol sa kanilang denominasyon. 'Pag may nakita silang isang ganito ang inaasal sa kanilang mga simbahan,naku, kaagad nila siyang itutulak palabas, ititwalag. "Bakit pinapayagan ninyong mangyari ang ganito?"

77 Kaya, makikita ninyo na buntis na siya ng kung ano, dahil walang tigil ang pagluluwal nila ng mga kasapi. Datapuwat ayaw niya ng mga tilian, sigawan, at pagsasalita ng ibang wika; (Gawa 2:38) mga kawawang nilalang ang tingin niya sa mga iyon. Tiyak na mapapahiya siya dahil sa mga iyon. Bababa ang tingin ng mga tao sa kaniya pati na sa kaniyang edukado, pino, at maka-agham na panlipunang iglesia na kinabibilangan niya. Ititiwalag nila siya sa susunod nilang konseho. Hindi siya maaaring magkagayon. Kaya ayaw niyang mabuntis ng Salita, dahil tanging iyon lamang ang maaring ibunga ng Salita!

78 Isinilang ng Espiritu ng Diyos, taglay nito ang Espiritu ng Diyos. Walang mga kaisipang intelektwal, pagsapi sa simbahan, pagkapit sa mga kredo, buhok na maiikli, mukhang pinintahan—walang anumang tulad nito sa ating Salita. Hindi mo masusumpungan iyon sa Salita ng Diyos. Ang masusumpungan mo ay ang makaluma, malinis, puspos ng Banal na Espiritung sanggol; isinilang ng Espiritu ng Diyos, tumitili, humihiyaw, sumisigaw, at nagpupuri sa Diyos. Napakalayong maabot niya iyon. Ayaw niya iyon. O, hindi po. Sadyang ayaw niya.

Ano ngayon ang kaniyang ginagawa? Nagluluwal siya ng isang pares na Jezebel na may pinta ang mukha, naka-syorts, mga ilehitimong "pusa" ang tawag sa kanila; gano'n nga yata sa wari ko. Gano'n nga yata ang tawag nila rito, *pusa*. "Tingnan mo ang pusang nagdaraan," ang sabi nila, o parang gano'n, alam n'yo. Siya ay isinilang o kasal at may kaugnayan pa sa kaniyang unang asawa, ang unang Adan, sa mapakiapid niyang asawang si Eva, ang unang asawa ni Adan.Sasabihin mo, "Makiapid?" Gayon nga siya. Ngunit sinasabi niyang ang Adan iyon ay patay na. "Ay siyanga, matagal na siyang patay. Ako'y isinilang nang muli," ang sabi niya. "At tunay na kasal na ako sa aking ikalawang Adan—si Cristo, ang Salita."

Ngayon pansinin n'yo kung ano ang kanyang iniibig. Masdan ninyo kung sino ang kaniyang mangingibig. Nais ninyong Makita kung sino talaga ang kaniyang sinisinta. Ganito nga ang sinasabi ng Salita, "Ngunit," ang sabi niya, "iba man ang sinasabi ng aking simbahan." Kung gayon, kanino ba siya talaga umiibig? Sino ba ang asawa niya? Ang sariling niyang mga bunga ang nagpaptunay kung ano talaga siya. Iyan talaga ang tama—ipinapakita nito kung sino siya.

79 Pansinin ninyo, una siyang isinilang kay Adan, dahil iyon asg kaniyang kapanganakang natural, kita n'yo, at di niya kailanman iniwan iyon. Iyon ay ang pagiging maibigin sa sanlibutan. Inaangkin niya na muli siyang ipinanganak kay



Ang sabi niya, "Hindi." Sinabi ng babae sa akin na ang simbahang sinasapian niya ay isang simbahang Pentecostal. Ang sabi ko, "Ikaw, ano ka naman?" Pantecostal din naman pala ang lalaki, ibang denominasyon nga lang.

167 O . . . alam ba ninyong ang Simbahang Romano Catolico nang pasimula ay Pentecostal din? Ilan bas a inyo ang nakakaalam na ito'y totoo? Dalawang libong taon na muna ang lumipas bgo sila umabot sa ganitong kalagayan. Ayaw na talaga nilang tanggapin ang alin mang kasulatan. Wala na. Aba'y maghintay kayo ng dalawampung taon pa at higit na magiging malala pa ang lagay nila kaysa mga Catolico kung magpapatuloy ito sa gawi nito. Aba'y siyanga. Kita n'yo? Ano ito? Ano ito? Tingnan n'yo kung sino ang nanay at tatay. Hinahayaan ang kanilang mga kababaiahan na magputol ng buhok – maaari na nilang gawin ang lahat ng maibigan nila, basta mananatili lang silang kasapi ng simbahan. Iyon lang ang mahalaga.

O, hindi kataka-taka, hindi kataka-takang ang galit ng Diyos ay naipon na! inilalagay na nga ng Diyos sa inyong harapan ang katotohanan, at pagkatapos ay pipikit kayo para hindi ito Makita. Ipinipinid ang inyong pandama ng awa samantalang nakikita ninyo ang tunay na Salita ng Diyos sa PItong mga Tatak na ito na nabibindika at napapatunayang totoo, at nasaksihan sa kalangitan, sa buong bansa, at sa lahat ng dako sa pamamagitan ng mga dakilang tanda at kababalaghan na ipinangako Niyang gagawin Niya! Pagkatapos ay magsasara ka at magsasabi, "Hindi ko alam, wala akong magagawa, ako'y . . . !"

Ay naku! Patay na ngunit hindi nila nalalaman na gayon na nga sila! (mga kasalanan at pagsuway, ika'y patay na) Ay, naku!

168 Alam nating lahat na ang iglesia, sa kalagayan nito ay hindi makapagtatapos ng huling araw na ito. Paano nitong matatanggap ang Malakias 4? Paano nito itong magagawa? Ni hindi nga sila naniniwala rito. Paano nitong magagawang paniwalaan . . . at ihatid ang Lukas 17:30? Paano nitong magagawang ihatid ang lahat ng iba pang kasulatang ito na naipangako para sa mga huling araw na ito. Hindi nito ito magagawa, sapagkat itinatanggi nito ito! "Kung paano ang mga kaarawan ni Lot, gayon din ang magaganap sa pagdating ng Anak ng Tao."

169 Tingnan ninyo kung ano ang kalagayan ng Sodoma nang araw na iyon – tingnan ninyo ang kalagayan ng iglesia ngayon. Tingnan ninyo kung ano ang nangyayari kay Abraham, ang Hinirang. Tingnan ninyo kung anong nangyayari kay Lot at sa mga naroon sa Sodoma – tingnan ninyo sina Billy Graham at Oral Roberts at ang mga taong naroroon sa mga denominasyong iyon. Tingnan ninyo ang iglesia ng Hinirang na si Abraham kung papaano silang hinugot. Tingnan kung anong uri ng tanda ang ipinakita ni Jesus Mismo, ang Diyos na nananahan sa laman, makatayo roon sa katawang tao.

170 Baka sabihin mo, "Angel iyon." Ang Biblia ang nagsabi na ang Diyos iyon. Ang Panginoong Diyos na si Elohim, nakatayo roon sa katawang tao, ipinakikita na

161 Ngayon, sa pagtatapos, maaaring sabihin ko ito: Alam nating lahat na ang makabagong iglesiang Pentecostal, sa kasalukuyan nitong kalagayan, sampu ng lahat ng mga denominasyon – pinagsama-sama ko na silang lahat sa iisang bungkos sapagkat talaga namang gano'n. kung matatandaan ninyo, bibigkisin muna Niya ang damo at pagkatapos ay susunugin ang mga iyon. Titipunin Niya nag lahat ng mga tangkay ng trigo sa bukid at susunugin munang lahat iyon, at pagkatapos ay paririto Siya at kukunin ang Kaniyang trigo at iuuwi iyon. Nagkakatipon na sila sa isang bungkos. Bungkos ng Metodista, Baptist, Pentecostal at lahat ng iba patungo sa Konsehong Ekunomikal. Tama'yan. Lahat sila'y susunugin, kita n'yo?

162 Kami ay *oneness*, *twoness*, *threeness*, ganito, ganoon at iba pa – nagtatalo, nag-aaway. Ang isa'y ganito, ang isa'y gano'n at ang iba'y iba naman. At bawat isa sa kanila'y takot humarap sa Salita at magpasulit. Subukin ninyong sabihin sa kanila ang tunkol dito at ang sasabihin nila ay, "Hindi maaari, hindi ko mapapaniwalaan'yan. Kahit ano pa ang gawin niya."

Ipinapakita lang niyan kung anong uri ng nanay at tatay mayroon ka. Marahil ay isa kang pambansang presbitero o ano man. Marahil ay isa kang ganito,ganiyan, o iba pa. makabubuting maging isa kang anak ng Diyos.

164 Ngayon, alam natin na ang iglesia (ang iglesiang Pentecostal) ano mang paraan, sa ano mang paraan ay hindi makapagdadala ng mensaheng pang huling araw sa kasalukuyan nitong kalagayan. Magagawa ba nito? Aba, ni hindi nga sila magkasundo sa isa o dalawang salita sa Biblia. Paano ninyo itong magagawa? Hindi nila magagawa. Kaya't kita n'yo ang denominasyon ay hindi kabilang. Tama iyon. Ang gaganap nito ay isang baying Hinirang, na hinirang para rito.

165 Ngayon, tandaan n'yo. At kaya nga alam ng bawat isa sa atin na ang buong kalipunan ng mga taong maka-denominasyon, Pentecostal at lahat, ay patay na – iyon ay para sa mga isinilang na muling Cristiano ng mensahe. Ang un among asawa ay patay na. alam mong patay na iyon. Hinayaan ng Diyos na mamatay iyon. Tapos na iyon. Lahat ng mga maka-agham, intelektuwal, maka-edukasyon, maka-agham na pamamaraan nga mga naturingang Paaralan ng Biblia at mga bagay-bagay na nangamatay na. anon a nga ba ang nagawa nito? Nagkabukud-bukod. *Oneness* dito, at mga *trinity* dito, *twoness* dito, at dito pa, at dito pa. napakagulo at ang tawag nila sa sarili nila ay "mga Pentecostal."

166 Minsan, kausap ko ang isang kabataang lalaki (nakikinig siya ngayon) at ang isang kabataang babae. Kasapi siya sa isang simbahan, at ang sabi niya ay naghiwalay daw sila. Ang sabi ko, "Ano ba ang nangyari?"

"Kasi," ang sabi niya, "magkaiba kami ng pananampalataya."

Ang sabi ko, "O, ikinalulungkot ko. Bakit Catolico ka ba?"



Cristo. Ngunit ang kaniyang mangingibig, pansinin ninyo, ay si Adan pa rin, dahil mahal niya ang sanlibutan.

80 At isa pa, pansinin ninyo kung anong uri ng mga anak ang kaniyang inluluwal. Ito ang magpapatunay kung sino ang kanilang ama; ang unang Adan ba o ang ikalawang Adan. Kung ang isisilang ng isang iglesia ay anak ng ikalawang Adan, tataglayin niya ang mga pamamaraan ng pagkilos ng ikalawang Adan. Kita n'yo? Tama 'yan. Ang kanilang kalikasan ay katulad ng sa kaniya at sa Kaniya. Opo. Ang kaniyang mga anak na babae—may pinta ang mga mukha, maiikli ang buhok, damit ng lalaki ang isinusuot—pantalon. Sinabi ng Biblia na hindi niya dapat gawin iyon. Ginugupit niya ang kanyang buhok. Isang kahihiyan iyon para sa kaniya. Sasabihin mo, "Tigilan mo na ang kasasabi niyan." Ganiyan ang sinabi ng Salita. Inilalantad ko lang ang kaniyang kalikasan. Iyan ang kaniyang ginagawa.

81 Ang kaniyang mga anak na lalaki—ang mga anak niyang lalaki na kaniyang iniluwal ay nakasandig sa edukasyon, sa pag-aaral, sa mga paaralan ng Biblia (na naturingan), sa mga kolehiyo, na umano'y matagal na panahon nang—pumipisa tulad ng mga inkyubeytor—mga mapagsaliksik ng denominasyon, mga relihiyosong kalahi ni Cain;kasing ilehitimo ni Cain noon sa Salita! Kasing elihitimo ni Cain! Mga mapagsaliksik ng denominasyon—nakikita ba ninyo kung ano ito?

82 Kailanma'y hindi nagtatag ng denominasyon ang Diyos. Mula't-sapul pa ay laban na Siya rito, at ang Salita ay laban dito. Ngunit nangungunyapit sila rito. Kaya, nakikita n'yo ba kung ano ang kanilang iniluluwal? Ipinapakita lamang nito kung sino ang kanilang ama't ina—tugmang-tugma. Kasing elihitimo ni Cain. Iyon din ang uri ng anak na iniluwal niya sa pamamagitan ni Eva. Nilayuan nila ang Salita, at pagkatapos, nakikita n'yo ba kung ano ang kaniyang iniluwal? Ganiyang-ganiyan din ang iniluwal ng iglesia—iyon din. Kaya ko itong patunayan sa inyo sa pamamagitan ng Salita. Diyan nagmula ang edukasyon at kabihasnan—sa pamamagitan ni Cain. Tamang tama 'yan. Sapagkat inaangkin nilang—inaangkin nilang mga anak sila ng Diyos, ngunit may lahi sila ng denominasyon, mga iskolar sa mga paaralang denominasyon, at lahat na ng iba pa. Tamang tama 'yan. Tuso, matatalino—naku, gayon din ang serpente noon, ang ama nila! Tama 'yon. Mga tuso at maka-agham na mga mangangaral na gaya ni Cain. Magkatulad na magkatulad. Maaring sabihin mo, "Brother Branham, totoo ba 'yan?" Tunghayan mo ang Genesis 4:16 at makikita mo. Balikan mo ang Genesis 4:16 sandali, at makikita mo kung paano naganap iyon.

*"At umalis na si Cain sa harapan ng Panginoon at tumahan sa lupain ng Nod, sa silangan ng Eden.*

*At nakilala ni Cain ang kaniyang asawa at siya'y naglihi at ipinanganak si Enoc; at siya'y nagtayo ng isang bayan at tinawag ang bayan ayon sa pangalan ng kaniyang anak, Enoc."*

Hanggang kay Tubal; pababa sa kanilang pinagmulan, naglitawan ang mga manggagawa ng instrumentong pangmusika at iba pa. Ang kabihasnan ay galing kay Cain! Tama 'yon—Nagtayo ng mga lungsod, mga instrumento;ang mga taong maka-agham ay galing kay Cain, ang binhi ng serpente.

Ngayon pansinin ang talatang 25: "*At nakilalang muli ni Adan ang kaniyang asawa.*" Ngayon, minsan na niya siyang nakilala, at nanganak siya ng dalawa. Saliksikin ninyo ang Kasulatan. Isinilang niya si Cain at Abel. Isang akto, dalawang anak ang ibinunga.

83 Sinabi nila sa akin, hindi pa katagalan, na hindi iyon maaring mangyari. May kaso ngayon sa Hollywood… Hollywood. May ganitong kaso ngayon sa Tucson, doon sa hukuman. Isang babae ang nagluwal ng kambal, ang isa ay itim ang isa ay puti. Ang sabi nila hindi raw iyon maaring mangyari. Datapuwat maari rin siyang magkaroon ng dalawang napunlaang itlog. Nakasampa iyon sa korte ngayon. Alam kong nangyayari iyon sa mga aso. Nangyayari iyon sa mga hayop. At humantong ang babaeng iyon doon. Ang sabi ng lalaking puti, "Ang susuportahan ko lang ay ang sarili kong anak, at hindi pati ang isa." At nagtapat ang babae na nakipagtalik siya sa kaniyang asawa isang umaga at sa lalaking itim naman kinahapunan. Ang sabi ng doctor, "Kung naganap iyon sa loob ng dalawampu't-apat na oras, maaring mangyari iyon, kung mayroon pang isang malusog na itlog doon." At nangyari nga ang gayon sa babaeng iyon, at ganoong ganoon ang nangyari rito. Si Satanas muna sa umaga, ang serpente, at pagkatapos ay si Adan naman kinahapunan…dalawa ang nagging supling niya.

84 Ngayon, "*Nakilalang muli ni Adan ang kaniyang asawa;*" (sa ikalawang pagkakataon) "*at siya'y nagsilang ng isang anak na lalaki…*" Alalahanin, hindi ninyo masusumpungan saan man sa Biblia na tinatawag si Cain na anak ni Adan. Ang sabi, "Siya'y sa masama." Hindi kay Adan, kundi sa Diablo.

"…Nakilala niya ang kaniyang…sa ikalawang pagkakataon, at nagluwal siya ng isang anak na lalaki, at tinawag siyang Set: "*Sapagkat, aniya'y binigyan ako ng Dios,*" (Hindi iyon ang tunay na binhi), "*binigyan ako ng Dios ng ibang anak na kahalili ni* [Adan]…., *Abel, sapagkat siya's pinatay ni Cain.*" "*At nagkaanak naman si Set nmg isang lalake;at tinawag ang kaniyang pangalan sa Enos;noon ay pinagsimulang ng mga tao ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON.* Hindi iyon nagmula sa saling-lahi ni Cain, kundi sa saling-lahi ni Set. Kaya nga, si Cain yaong masama. Hayun ang serpente.

85 Ngayon, pansinin, malinaw na sinasabi ng Biblia na kailangang mamatay muna ang una niyang asawa. Hindi lamang hiwalay, kinakailangang mamatay muna siya. Ngayon, katatapos ko lang mangaral tungkol sa kasal at diborsyo, at alam ninyong lahat ang tungkol ditto. Ako'y nangungusap ngayon, hindi lamang sa kongregasyong ito, kundi sa buong bansa. Mabuti, ngayon, alam ninyo kung anong nangyari roon sa



157 Siya yaong dakilang katangian ng Diyos na tinatawag na *pag-ibig*. Ano man kayo, kayo'y mga lingkod ng Diyos. Ano man ang nais ipagawa sa inyo ng Diyos, nasaan man ang lugar mo – naglagay ang Diyos sa Iglesia ng mga apostol, mga propeta, mga guro at mga pastor. Inilagay Niya ang mga ito dahil sa kakayanan ng Sarili Niyang pagtatalaga. At gayon ka na sa pasimula pa lang. ang un among kasal ay napawalang-bisa na. Hindi mo iyon ginawa kailan man, dahil isang bagay lang ang makagagawa niyaon at iyon ay ang Diyos Mismo na bumaba at humalili sa iyo sa anyo ng Anak ng Diyos na si Jesus Cristo, at hinugasan ka ng Tubig, . . . hinugasan ng tubig ng Salita. Ang Salita – hindi ang denominasyon. Ang Salita ang siyang humugas sa iyo. Ngunit kung ayaw momg lumusong sa Tubig ng Salita, paano kang mahuhugasan? Mananatili kang madungis tulad ni Eva.

"O, Korderong naghihingalo, ang Dugo Mong mahal ay di mawawalan ng kapangyarihan hanggang sa ang buong Iglesia ng Diyos na natubos ay maligtas at di na muli pang magkasala."

158 Ano ang kasalanan? Ang kasalanan ay ang di paniniwala. Di paniniwala saan? Sa Salita. Di paniniwala sa Diyos, na siyang Salita. Dalisay, walang-halo. O, Aleluia! Malapit nang umalis palipad sa langit. Amen. Nakatayong handa . . . Isipin na lang, ang iyong mga damit ay nahugasan na ng Tubig ng nagdurugong Salita. Ang Salita ay nagiging Dugo. Ang Salita ay nagdugo para sa iyo, upang ikaw ay mahugasan mula sa mga karumihan ng mga patotot na ito at nang malinis ka at mahugasan ng paghuhugas ng Tubig ng Salita na siyang makapagpapanatili sa iyong diwa at puso na nakatuon sa Diyos at sa Kaniyang Salita.

Ngayon, paano mo malalamang totoo nga ito? Kapag bumaba ang Diyos at pinagtibay Ito at pnatunayan Ito.

159 Maaaring sabihin mo, "Buweno, hindi ganiyan ang paniniwala ko." Sila man noon ay hindi katulad ni Jesus ang paniniwala, datapuwat pinatunayan iyon ng Diyos. Hind gaya ni Noe ang paniniwala nila; iba kaysa paniwala ni Moises ang paniwala nila. Mas tinanggap pa nila ang salita ni Balaam noon: "Pare-pareho lang naman tayong lahat, kaya't magkaisa na tayong lahat." "Ihiwalay mo ang iyong sarili," ang sabi ng Biblia, mula sa di paniniwala." Aleluia!

160 Ngayon, pansinin, hindi lamang kayo gano'n, bagkus ay patungo pa kayo sa isang kasalanan sa himpapawid, at suut-suot ninyo ang singsing na pangkasal ng predestinado at di pinagsikapang makamit na biyaya, isang singsing na pangkasal ng biyaya, na hindi gawa ng iyong pagsisikap. Ang Diyos mismo ang may gawa nito. Kilala ka Niya bago pa itatag an gang sanlibutan, kaya't isinuot na Niya sa iyo roon ang singsing na pangkasal – inilagay ang iyong pangalan sa Aklat. Anong pasasalamat. Aleluia!Purihin ang ating Diyos!

153 Ito ang mensahe ko ngayon sa iglesia habang kayo'y . . . bago tayo mawala sa himpapawid sa loob lamang ng ilang sandali. Ikaw ay nakatayo, kung ikaw ay nakatayo sa Salita ng Diyos, at sa piling ng Salita ng Diyos. Bawat amen, bawat tuldok, bawat munting kudlit. Saan ka ba nakatayo? Pinagsisikapan kong sabihin sa inyo: Iwan ninyo ang mga ipang sisidlan at lumabas kayo patungo sa mga butil ng trigo, kung saan ay maaari kayong mahinog sa init ng araw. Naririnig ko na ang pagdating ng pinagkaisang lupon. Kayo'y nakatayong ganap, inaring-ganap na tila hindi kayo nagkasala simula't sapul. Aleluia! Kung pasasalamat ang pag-uusapan. Tunay na napakaganda ng pakiramadam ko. Higit kong pinasasalamatan ang bagay na ito kaysa alin mang bagay na nalalaman ko. Ikaw ang dalisay, matimtiman, at walang pagkakasalang Nobya ng Anak ng Diyos na buhay. Bawat lalaki't babaeng isinilang ng espiritu ng Diyos, nahugasan ng Dugo ni Jesus Cristo, at sumampalataya sa bawat Salita ng Diyos, ay nakatayong tila hindi nagkasala simula't sapul. Ikaw ay sakdal. Ang Dugo ni Jesus Cristo.

154 Paano mong . . . kung may isang taong . . . kung ako'y mamamatay na sa umaga, at may isang taong papalit sa akin, hindi na ako kailangang mamatay para sa kasalanang iyon. May isa nang humalili sa akin – at si Jesus, ang Salita, ay humalili sa akin. Siya'y nagging ako, isang makasalanan upang ako'y maging Siya, ang Salita. Amen. Hayaan mong ako'y maging tapat Dito – hindi sa iglesia; kundi sa Salita. Amen.

155 O, itong espirituwal na pagkakaisa ni Cristo sa Kaniyang Iglesia ngayon, nang ang laman ay nagiging Salita, at ang Salita ay nagiging laman. Naipapamalas, naibibindika – katulad na katulad ng pagkakasaad ng Biblia na magaganap sa araw na ito. Ito'y nagaganap sa araw-araw. Aba, mabilis itong lumalaganap doon sa mga disyerto . . . at napakaraming mga bagay na nagagaanap, at halos ay hindi ako makaagapay dito. Napipinto na tayo sa pagparito ni Jesus upang makipag-kaisa sa Kaniyang Iglesia, kung saan ang Salita ay itinuturing na Salita.

156 Ang tawag ng Banal na Espirito ay sumasaliksik sa mga puso . . . nakatayo kang ganap. Hindi ka nagkasala simula't sapul. Ni hindi nga alam ng ng Diyos . . . Iyon ay nasa dagat na ng paglimot ng Diyos. Hindi mo ginawa iyon kalian man. Ibinintang iyon sa iyo ng tagabintang, datapuwat ang katotohanan, mula't sapul pa ay nakatalaga ka nang maging anak na lalaki o babae ng Diyos. Nakatayo ka na roong hugas na, at ang dati mong aklat ng pagkakahiwalay ay nahiwalay na at patay na, lubos nang naglaho maging sa isip man ng Diyos. Ikaw ang matimtimang Nobya ni Cristo, nahugasan sa Dugo ni Cristo – mahalaga, matimtiman, walang kasalanang Anak ng Diyos, nakatayong kabilang sa dalisay at nahaluang Nobyang Salita, na Kaniyang hinugasan sa Tubig ng Kaniyang Sariling Dugong naging laman at naipahayag upang magawa ka Niyang kunin, iakaw na naitalaga na sa sinapupunan ng Ama bago pa ang pasimula, tulad din naman Niya.



kasal at diborsyo. Nang mabuksan ang pitong tatak, iyon ang naghayag ng buong Katotohanan nito.

86 Kaya, para maikasal sa ikalawang Adan, si Cristo, ang Salita, kailangang ihiwalay ninyo ang inyong sarili sa pamamagitan ng kamatayan, sapagkat walang isa man sa kanila ang makatatanggap ng kabuuan ng Salita ng Diyos. Ituro niyo nga sa akin kung nasaan ang isang iyon. "Oh," sasabihin mo, "ang sa akin." Ganiyan din bang sasabihin ng iba. Pagsamahin mo sila, at matutuklasan mong pareho silang mali—sa sandaling ikaw ay magdenomina. Basahin ninyo ang Apocalipsis 17.

87 Kaya nga, kita n'yo, kailangang mamatay ka muna sa bagay na iyon. (Ngayon, hindi lamang sa kalipunang ito ako ang nangungusap kundi sa buong kapuluan.) Kailangang mamatay ka muna sa un among asawa. Kung ikaw ay nakikipag-ugnay kay Cristo at nananatiling kasal sa isang denominasyon, isa kang mapakiapid! Isa kang Laodesia. Isang iglesia sa buong kapuluan…Tayo ay sumusunod kay Jesu Cristo, ang Salita. Para kang maging bahagi ng Nobya, kailangan kang maikasal na muli sa Salita ng Diyos, na si Cristo!

"*Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay suma-Dios, at ang Salita ay Dios. At ang Salita ang nagkatawang tao, at nanahang kasama natin…*" Habang patuloy kayong nanghahawakan sa mga makataong tradisyon ng denominasyon, ang tawag sa inyo ng Salita ng Diyos ay isangmapakiapid. Hangga't ikaw ay nananatiling mapagsaliksik ng mga kredong denominasyon; at kasapi sa isang iglesiang maka-denominasyon na tumatanggi sa Salita, ikaw ay isang mapakiapid. Iyan ang sinabi ng Biblia. Ang sabi ni Jesus, "Hindi ka maaaring maglingkod sa dalawang diyos nang sabay." Maglingkod ka sa Diyos, o kaya ay kay mammon. Ang mammong tinutukoy Niya ay ang sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa kaniya." Hindi maaaring nasa kaniya ng binhi ng Diyos habang ang pag-ibig sa sanlibutan ay nasa kaniya pa rin. Kapag ang Binhi ng Diyos ay gumagawa sa pamamagitan ninyo, iyan ang Saliyta ng Diyos. Ang pag-ibig sa sanlibutan ay hindi maaaring kasabay na manatili roon. Ngayon, nasaan na ang maikling buhok at ang syorts at ang mga pintahang mukha? Ngayon, nasaan na iyan?

88 Hindi ka maaaring manatiling malinis sa harap ni Cristo, ang Salita ng Diyos, samantalang naglilingkod ka sa gawa ng taong denominasyon sa isang pagkakataon. Salungat iyan sa Salita. Sinabi iyan ni Pablo rito. "Saan?" Sa Mga Taga-Roma 7.

Hindi rin maaaring magluwal ng mga anak ng Diyos sa Kaniyang Salita, ang mga ilehitimong lupong maka-denominasyon. Hindi ito mangyayari. Ang inyong mha inkyubeytor ay hindi makapagluluwal ng isang Salitang-anak ng Diyos—ako'y nangungusap sa iglesia—gayon man ay sinasabi niyo pa ring relihiyoso kayo. Ganyan din si Cain, ang anak ng patotot na si Eva—napakarelihiyoso—nagtayo ng mga altar, na-alay ng hain, nagbayad ng kaniyang ikapu at lahat na—lahat ng maaaring gawin ng sinumang taong relihiyoso, datapuwat nabigo niyang ingatan ang Salitang Iyon!

Nabigo siyang magkaroon ng kapahayagan! At ang kapahayagan ang tanging kailangan—ang kapahayagan ng Salita.

89 Ano ba ang kapahayagan? Sinabi ni Jesus, "Sa ibabaw ng Batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia, at ang pintuan ng Hades ay di makapananaig laban ditto." Ang pananampalataya ay isang kapahayagan sapagkat ang pananampalataya ipinahayag sa iyo. Si Abel, sa pamamagitan ng pananampalataya—ay nag-alay sa Diyos na kaaya-ayang hain kaysa kay Cain.

90 Inakala ni Cain na mansanas ang kinain nila. Hanggang ngayon ay ganito pa rin ang akala nila, ngunit hindi ganoon iyon!—iyon ay pakikiapid, ang binhi ng serpente. At ditto, nang ang pitong tatak ay nabuksan, naipahayag ito at napatunayan ito. (Kalalabas pa lang ng aklat ko tungkol ditto. Pakiwari ko'y may dala kaming mga isang libong kopya nito ngayon.) Pansinin, ito'y nakabatay sa mga Kasulatan mula sa Genesisi hanggang sa Apocalipsis na sa huling panahon, kapuwa darating sa sukdulan ang dalawang punong kahoy na iyon at kapuwa sila magpapakilala.

91 Naririto na tayo sa araw na ito, ang Laodecia, at ang Nobya, walang kasing linaw at kasing ganda, nakapaloob sa Kasulatan at nakalantad sa ating harapan. Hindi ka maaaring maglingkod sa Diyos at sa mammon. Hindi ka maaaring maging isang mabuting Cristianong may sampalataya sa Biblia, at pagkatapos ay makikisali ka sa isang gawaing maka-denominasyon. Hindi mo maaaring pagsabayin ito. Kailangang mamatay ang isa upang mabuhay ang isa.

92 Hindi ka rin makapamumunga ng isang Salitang-anak ng Diyos. Ang iglesia man ay hindi makapamumunga nito. Ayaw nila ng mga batang nagtitilian, naghihiyawan, nagsisigawan, at nagsasalita ng iba't-ibang wika at lahat ng mga bagay na ito. Hindi mo maaaring gawin iyan sa isang simbahang maka-denominasyon. Hindi ka nila tatanggapin. Hindi ganoon ang paraan ng pagkalinga nila sa kanilang mga anak. Kukunin nila sila at kakamayan at sasabihing, "Kung nananampalataya ka, nasa iyo na iyon." Basta't ipalista mo ang pangalan mo sa aklat naming, wala ka naming ibang kailangan pang gawin. Kita n'yo, ilehitimong anak iyon ng Salita—pero sinasabi pa rin nilang sila'y mga relihiyoso, samantalang buntis na buntis sa karunungan at kaalaman ni Satanas, ganiyan ang kinalabasan ng iglesia. Pinag-aaral nila ang kanilang mga kasapi sa mga paaralan upang matuto ng wastong paraan ng pagsasabi ng, "a-a-a-amen." Pinag-aaralan nila kung papanong sasabihin ang lahat ng mga ito, at kung paano magiging napaka-intelektwal. Ano ito? Ito'y pagbubuntis ng diablo!

93 Anong ipinunla ni Satanas kay Eva? Ang hindi paniwalaan ang Salita at ang ipalit ang mga intelektwal, mga karunungan at winasak nito ang buong sangsinukob. Ganiyang-ganiyan ang ginagawa niya sa Salita ngayon, itomg iglesia. Binuntis na niya ang kaniyang sarili ng mga Bible school, at mga kolehiyo, at mga bagay na tulad nito—ang pagbabasa, pagsusulat,at matematika,at wala silang kamalayan tungkol s Diyos na gaya ng isang taga-bundok na walang alam tungkol sa isang gabi sa



ng Salita, ang lupang punlaan. Sadyang gagawin niya iyon. Hindi ko alam kung paano niyang gagawin iyon. Itinakda ng Diyos na mangyari iyon.

148 Ikaw ang Binhi sa pasimula sa un among kasaln. Ngayon, alam n'yo kung ano ang tototo. Tulad ng sinabi ko tungkol sa munting agila nang marinig niya ang Tinig ng Nobyo, nagtungo siya roon. Ang pinahiran, pinatunayang Salita ng Diyos para sa mga huling araw.

Si Noe ang binindikang Salita sa kaniyang kapanahunan. Naniniwala ba kayo roon? Buweno, hindi na gagana ang kaniyang mensahe para sa atin ngayon.

Si Moises ang binindikang Salita sa kaniyang kapanahunan. Naniniwala ba kayo roon? Hindi na iyon gagana sa atin ngayon.

149 Si Jesus ang . . . Si Juan ang binindikang Salita. Naniniwala ba kayo roon? Hindi na iyon gagana sa kapanahunan ni Jesus. Tiyak na hindi. Hindi po, ang mga kautusan at mga propeta ay *hanggang* kay Juan lamang; magmula noon, ay ang kaharian ng Langit.

Ang mga apostoles; yaong mga nagsasaayos ng Biblia . . . Narito at dumating si Luther sa Repormasyon; hindi na gagana ang iglesia niya ngayon. Gayundin ang kay Wesley. Gayundin ang mga Pentecostal. Gumana iyon sa panahon nila, ngunit ito ay isang panibagong araw na. ito na ang pagbubukas ng Pitong Tatak. Alam kong kaiba ito sa pandinig ninyo, ngunit ito'y pinatunayan na nang lubusan ng Diyos, walang tanong dito – sadyang sakdal na sakdal.

Hindi ko ito ipinapangalat para lamang sa kapisanang lokal na ito. Ako'y nangungusap sa mga tao sa buong bansa. Kita n'yo? Gawin n'yo kung anong nais n'yo.

150 Ngayon, pansinin, ang pinahirang Salita sa kaarawan Niya kung saan ay kabilang kayo dahil sa predestinasyon. Kaagad kang . . Tulad ng alam mo, nang marinig mo ito, alam mo kaagad na ikaw ay isang agila. Napagtanto mo rin na hindi ka naman talaga manok ng denominasyon sa simula pa lang. Alam mong mayroong mali roon. Mayroong mali. Tama'yan, sapagkat alam mong nabitag ka lamang doon sa pasimula.

151 Siya, ang Nobyo, ang nag-alis ng iyong kahihiyan at nagtapon nito sa dagat ng paglimot sa pamamagitan ng paghugas sa Tubig ng Salita at ng Dugo ng Buhay. Iyan ang sinabi ng Biblia.

152 Ang unang asawang pinakasalan mo, ang sanlibutan, ang pinahirang Nobyo, na siyang nagtalaga sa iyo noon pa man, ang humugas sa iyo sa pamamagitan ng paghuhugas sa tubig sa pamamagitan ng *iglesia* . . . Tila hindi ito tama sa pandinig hindi ba? Maaaring matagpuan mo iyan sa almanac, ngunit hindi sa Biblia ng Diyos. Sa pamamagitan ng paghuhugas sa Tubig ng Salita, at ang *salita!* Ikaw ang nakatayong ganap, inaring-ganap at tila hindi ka nagkasala kalian man.

loob, isang katiting na bagay na maaari mong ilagay sa dulo ng palito ng posporo. At si Demos at kaniyang mga kasama ay nakikinig ngayong gabi, at naaalala niya nang isama . . . isinama niya ako at ipinakita sa akin kung paanong nangyayari iyon – mga*test tube.* At ang ilalagay mo lang ay ang singdami ng maaari mong ilagay sa dulo ng palito ng posporo, at mayroong libu-libong munting mga toro't baka roon, ngunit isa lamang sa kanila ang nakatakdang mabuhay. Iisa lamang sa kanila, at naririto ang isang malaking bola ng mga iyon dito at mapapansin mo na isa sa mga ito ang gagapang at kakawala mula sa karamihan; dadaanan ang ibang binhi; (germ) paririto at may isang itlog naman ang lalabas mula sa karamihan mga itlog na naririto, at magtatagpo silang dalawa; at ang lahar ng iba sa kanila ay nangamatay. Datapuwat ang dalawang iyon ay buhay, ngunit ang iba ay nangamatay! Sapagkat mayroong kung ano – mayroong isang napalusog sa isang iyon. Iyon ang predestinasyon, kapatid ko. Opo.

145 Ang Diyos ang magpapasiya kung iyon ba'y magiging lalaki o babae, pula ang bugok, o itim ang buhok, o anupaman iyon. Ang Diyos ang nagpapasiya nito. Mas mahiwaga pa ito para sa akin kaysa sa birheng kapanganakan. Ngunit, pansinin ang iba pa sa kanila ay nangamatay.

Dalawang milyong katao ang lumabas – nagsiawit, nagsisisayaw, ginawa nila ang lahat, nagsalita ng ibang – hindi nagsalita ng ibang wika, kundi sumigaw , at nagbigay luwalhati sa Diyos at nagsipagsayaw doon sa dagat, at ginawa nila ang lahat ng ginawa ng karamihan. Ngunit dalawa lamang ang nakapasok sa lupang pangako – si Caleb at si Josue, dalawa lamang. Iyon ay isa sa isang milyon. Iyon ay isa sa loob ng isang milyon sa likas na kapanganakan. Bawat isa sa kanila ay tumanggap ng magkatulad na pagpapala. O, kayong mga Pentecostal. Sana'y hindi pa maging huli bago kayo magisiang! Isa sa isang milyon.

146 Masdan, mayroong limang daang milyong naturingang Cristiano sa mundo ngayon. Kung sa pagdating ni Jesus, ay limang daan lang ang makakasama sa Kaniya (kung tama ang estadistikang ito). Naku, higit pa riyan ang mga taong nawawala araw-araw sa buong mundo. Wala silang kamalay-malay tungkol doon.

"Napag-uunawa naming," ang sabi ng mga eskriba . . . alam mo na ang . . . "Bakit sinasabi ng mga eskriba na kainlangan munang pumarito si Elias?" Tinanong nila iyon kay Jesus.

Ang sabi Niya, "Si Elias ay naparito na, at hindi ninyo namamalayan." Ginawa niya nang akmang-akma kung ano ang isinaad ng kasulatan na magaganap sa kaniya. Gayon din naman ang Anak ng tao ay kailangang magdusa sa ilalim ng . . .

147 Hindi nila siya nakilala. Gayon ma'y nasa iglesia silang lahat, lahat sila ay nag-aangking may buhay. Ang sabi mo, ang isang tunay na ipinanganak na muling Cristiano, ang isang tunay na lingcod ng Diyos; kapag narinig niya ang Salita ng Diyos, ay lalabas kaagad sa bawat denominasyon patungo sa tunay na malusog na lupa



Ehipto.Alam nila ang lahat tungkol sa kanilang mga kredo, mga aklat-dasalan, at iba pa, ngunit wala silang alam tungkol sa Diyos. Alam nila kung kalian nabibindika ang Salita…Nang sumagot ang Diyos at inilaan ang Kaniyang Salita sa bawat salinglahing dumaan.

94 Dumating si Noe, at angaral siya sa salinglahing iyon. Ngayon, ano kaya't dumating si Moises at nagsabing, "Gumawa tayo ng isang daong?" Marahil ay lumabas siyang napagiwanan ng panahon, datapuwat isa siyang propeta. Taglay niya ang kapahayagan ng Diyos—binindika ng Diyos na iyon ay Katotohanan. Inilabas Niya ang mga anak ni Israel, at pinalitaw sa kanilang harapan ang Haliging Apoy na siyang bumindika sa propeta, at sinalita Niya kung ano ang Kaniyang gagawin, at ginawa nga Niya iyon! Ang sabi nila, "Huwag nang mangyaring ang Diyos ay magsalita;si Moises na lang, at baka kami'y mangamatay."

Ang sabi niya, "Hindi ko na sila muling kakausapin nang gayon kailanman, datapuwa't Ako'y magsusugo ng mga propeta, at sila ang mangungusap para sa Akin."

95 Naroon si Isaias nakatayo't nagwika, "Isang dalaga ang maglilihi." Ang isang taong tulad niya sa panahong iyon kung kalian ay…paanong maglilihi ang isang birhen? "Sapagkat sa atin ipinanganak ang isang Bata…ipanganak ang isang bata, sa atin ibinigay ang isang Anak na lalaki. At ang Kaniyang Pangalan ay tatawaging: Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Ang Walang Hanggang Ama. Sa luklukan ng Kaniyang amang si David, Siya ay maghahari at ang Kaniyang kaharian ay hindi magwawakas.

Paano mangyayari ito? Hindi niya alam. Basta sinalita lang niya kung ano ang salita ng Diyos. Hindi iyon maaabot ng ano mang imahinasyon; ng taong intelektwal. Hindi iyon abot ng ano mang maka-agham na pananaliksik. Iyon ay Salita ng Diyos.

96 Ngayon, pinag-aaral natin an gating mga seminarista at tinuturuan natin sila ng lahat ng uri ng teolohiya ng Biblia at mga bagay na katulad nito, mga teolohiyang gawa ng tao. Kaya nga mayroon ngayong mga simbahang katulad na katulad ng Laodecia gaya ng sinabi ng Diyos na magaganap.

97 Ay, naku, kapag titingnan ko ito ay nanginginig ako. Buntis ng mga kaalamang intelektwal! Kailangang tapos ka muna sa mataas na paaralan, bago ka makapasok. Kailangang masuri ka muna ng isang psychiatrist bago ka ma-ordina. Maiisip ba ninyo na sina Pedro, Santiago at Juanay nagpatingin sa isang psychiatrist? Alalahanin ninyo, ang isandaan at dalawampung iyon, ay ni hindi marunong magsulat ng kanilang sariling pangalan, karamihan sa kanila; magpapatingin sa psychiatrist upang malaman kung… kung lahat ng kanilang mga reflex ay wasto, at iba pa. Mayroon silang reflex, ngunit hindi isang kaisipang intelektwal o maka-agham na pananaliksik; ito'y sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Nang mahagip sila Nito, wala silang nagawa kundi ang kumilos ayon sa sinasalita ng Banal na Espiritu! Hindi nila

binigyang pansin ang anumang intelektwal; kung ano ang sinasabi ng simbahan, at kung ano ang sinasabi ng pari, at kung ano ang sinasabi ng mga ito, o ng isang iyon—sila'y kumikilos ayon sa Espiritu—mga taong walang takot.

98 Ang sabi ng I Juan 2:15, "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan, kung iibigin ninuman ang sanlibutan ay wala sa kaniya ang pag-ibig ng Diyos." Kaya nga paanong mangyayari na ikaw ay buntis ng Salita ng Diyos samantalang hinahatulan nito ang sanlibutan? Sinusunpa ang Hollywood, isinusumpa ang lahat ng mga usong kasuotan! Hinahatulan ang lahat ng mga kasayahan at mga pagwawalang naturingan na ginagawa nila sa ngalan ng relihiyon! Kinukundena Nito ito!

99 Paanong masasabi na ang isang tao'y buntis ng Salita? Paanong ang isang babaeng maikli ang buhok, may pinta ang mukha, nakasyorts…Paanong magagawa ng isang mangangaral ang pumasok sa isang seminaryo at basahin ang Gawa 2:38, at malaman na walang isa mang tao sa Biblia ang nabautismuhan sa mga titulong iyon, at pagkatapos ay sasabihin pa ring buntis siya sa Salita ng Diyos? Ang sinasabi niya sa inyo ay isang kasinungalingan! Ipinagbili niya ang kaniyang pagkapanganay. Siya ay nagkakasala ng pakikiapid laban sa bagay ng kaniyang nilalahad. Siya ay hiniwalayan na at diniborsiyo.

100 Magkakaroon ng isang matimtimang Iglesia ang Diyos, tugmang-tugma, isang Nobya! Ang sabi ng Biblia, "Ang Salita ay wala sa inyo," kaya anong uri ng mga anak ang inyong iniluluwal? Mga buntis na taong maka-denominasyon. Walang naganap na kamatayan upang mahiwalay ka sa un among mangingibig.

"Ano ang iisipinng mga Jones, kung iiyak ako at magsasalita ng ibang wika? Ano ang iisipin nila kung magpapabautismo akong muli?" Anong kawalang kabuluhan! Ikaw ba'y kasal sa mga Jones? Ikaw ba'y kasal sa iglesia? O ikaw ba'y kasal kay Cristo, ang Salita? Ngayon iyon ang dahilan kung bakit iniluwal niya ang kaniyang mga anak.

Anong uri ban g anak mayroon siya? Ito ang ilan sa mga pangalang itinatawag sa kanila ngayon: *Cats*, *Beatles*, *Monsters*, *Rickeys*, *Rickettas*, *Cats*, *Beatles*…mga kasapi ng iglesia,siyanga—mga anak ni Cain, na siyang mga anak ng tusong hayop—napakahuhusay.

101 Ngayon, masdang maigi sumandali, at gamitin ang iyong espiritwal na pananaw, na nasa iyong kaluluwa. Tumingin lang kayo sa inyong paligid. Ako ngayo'y nangungusap sa buong bansa. Tingnan lang ninyo ito sandali, kayong mga naririyan sa Branham Tabernacle, kayong mga nasa tabernakulo sa kanlurang baybayin at sa Arizona at saan man kayo naroron, tingnan ninyo ang inyong mga sarili sa loob lamang ng ilang sandali. Sasabihin mo, "Ang mensaheng ipinapangaral mo, Brother Branham, ay mali." Tingnan niyo lang sandali ang inyong mga sarili! Hayaan ninyong



140 Nang pasimula ay ang Salita, at kung ang Salita ay Diyos, kung gayon ikaw ay nasa Diyos na noon. Ang Salita, ang bahagi na iyong gagampanan ay nasa Diyos nab ago pa itatag ang sanlibutan. Nakita ka na niya. Kilala ka na niya. Itinalaga ka na niya rito. Sinasabi ko sa inyo, kung paanong nakilala ng agila ang Tinig na iyon, gayon din nakikilala ng isang Cristianong tunay na ipinanganak na muli ang tinig ng Diyos na nangungusap sa pamamagitan ng salita, kapag nakikita niya itong napapahiran at nabibindika.

141 Tingnan, tumingala siya roon. Hindi niya nakita ang matandang inahin na nagsasabing,"putak, putak, putak, halika rito. Sumali ka sa amin, at pumarito ka at gawin mo ito, at pumunta ka rito at doon." Nakita niya ang isang nilalang na nais niyang tularan, lilipad-lipad sa himpapawid, malayang sumisigaw, doon sa kaitaasan lampas sa mga buwitre at sa mga bagay ng sanlibutan. Aleluia! Nais Niyang tularan iyon sapgkat likas sa kaniya ang maging gayon.

142 At ang taong isinilang ng Diyos, ang isang anak ng Diyos ay nararapat magtaglay ng kalikasan ng Diyos. Iginagalang niya ang Diyos. Bahagi siya ng salita ng Diyos.

At sa mga huling araw na ito at ang Nobyang ito ay nabubuong may katulad na kapangyarihang taglay niya sa pasimula. Lumaki sa mga organisasyong ito, at iba pa, at lalabas upang makiisa sa Nobya! Wala siyang ibang maaaring kalabasan maliban doon.

143 Dapa't sana'y nakita nila . . . yaong mga Judiong iyon sa kapanahunan nila, nang makita nila itong naipapahayag sa harap nila, tulad ng sinabi ng isang propeta tungkol sa Kiniya. Aniya, "Saliksikin ninyo ang mga kasulatan; sapagkat iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan. Ang mga ito ang siyang magpapatotoo tungkol sa akin. Kung hindi ninyo magawang sumampalataya sa Akin, manampalataya kayo sa Aking mga ginawa."

Ang sabi nila, "An gaming mga ninuno ay kumain ng mana sa ilang sa loob ng apatnapung taon. Alam naming kung saan kami nakatayo."

Ang sabi Niya, "At lahat sila'y nangamatay na." Iyon ay nahiwalay nang walang-hanggan – lahat sila'y nangamatay. Tatatlo ang naiwan. Dalawa ang natira sa dalawang milyon. Ibig sabihin isa sa isang milyon.

Sa pag-iiniksiyon, ang semilyang nagmumula sa lalaki at babae, karaniwa'y may isang malusog na itlog. May isang itlog, isang Binhing-lahi na malusog.

144 Nakakita na ba kayo ng paghahalong-lahi ng mga baka? Pansinin, may isang milyong mga itlog, may isang milyong mga binhing-lahi; at kapag sila'y nailabas upang magsama sa bahay-bata, dumadaan sa tubo, papasok sa bahay-bata, nagtatagpo ang mga ito. Ang isa sa kanila ay itlog, isang milyong itlog, isang milyong binhi. Isang itlog lang sa mga iyon ang malusog. Isang binhi lamang ang malusog. Lahat ng mga iyon ay buhay. Pagmasdan ninyo ang mga mumunting bakang iyon, na nag-uunahan sa

Datapuwat nakikita niyang ginagawa iyon ng mga manok, ngunit mayroon kung anong bagay na kakaiba. Hindi niya iyon gusto.

137 Kaya, isang araw alam ng inang agila na dalawang itlog ang iniluwal niya. Kaya sinimulan niyang hanapin ang isa. Lumilipad-lipad siya, naghahanap, tulad ng isang Dakilang espiritu. Isang araw, napadpad siya sa itaas ng bakuran ng magsasaka, ang denominasyon. Tumingin siya sa ibaba at nakita niya ang kaniyang anak. Sumigaw siya. May kung anong taglay ang tinig na iyon at umalingawngaw iyon mula sa kalooban niya.

"O, parang tama ang tunog na iyon!"

O, hayaan mong ang isang tunay na predestinadong isinilang na Binhi – itinalaga ng Diyos; ay makarinig ng salita ng Diyos, ito'y musika para sa kaniya. Alam niyang ito'y katotohanan. Sawa na rin lang naman siya sa mga bagay na denominasyonal: "Sumapi ka sa amin. Sumama ka sa amin. Mayroon kaming mga kasiyahang panlipunan. Mayroon kami nito, mayroon kaming . . . Parang hindi iyon tama sa pandinig ng munting nilalang.

Aniya, "Anak, hindi ka talaga kabilang sa grupong iyan. Akin ka; sa akin ka."

Ang sabi niya, "Nanay, sa pakinig ko'y tunay iyan. Paano ba akong makalalabas dito?"

"Lumukso ka lang; sasaluhin kita. Iyan lang ang kailangan mong gawin." Ang pinahirang Salita ng Diyos na pinatunayan sa isang taong isinilang, upang maging anak ng Diyos, na taglay ang itinalagang Binhi para sa oras na ito, makikita niya ang mensahe ng Diyos, kasintiyak ng katotohanang may Diyos sa langit.

138 Nakita Ito ni Martin Luther para sa kaniyang sarili. Nakita ito ni Wesley. Nakita Ito ng Pentecostal para sa kaniyang sarili. Ngayon, paano ka naman? Nagging mga denominasyon sila. Narito ang salita at isisnusumpa ito; sinasabi sa inyo kung ano talaga ang dapat nating taglayin sa araw na ito, kung ano talaga ang kailangan, ang Malakias 4, at ang iba pang mga pangako sa oras na ito. Ano ba ang nakikita ninyo? Ano ba ang tinitingnan ninyo? Amen.

139 Naririto na tayo. Ang totoong tunay na agila ay naririto. "Dinirinig ng Aking tupa ang Aking TInig; sa isang estranghero ay hindi sila susunod." Aba, nailagay iyon sa pamamagitan ng predestinasyon. Ikaw ay nakatakda nang maging anak ng Diyos. Nasa Diyos ka na bago pa itatag ang sanlibutan. Naipamalas ka lamang sa araw na ito para sa Kaniyang kapurihan at kaluwalhatian. Paano mo itong magagawa nang hindi iginagalang ang Kaniyang Salita? Opo, at ikaw ay bahagi ng Salitang iyon sa pamamagitan ng predestinasyon, sapagkat masdan, ang Diyos ay ang Salita. Naniniwala ka ba rito? Kung gayon, Siya noon hanggang ngayon ang Salita . . .



saliksikin ng Banal na Espiritu ang inyong isipan sa pamamagitan ng Salita. Sasang-ayon kayo sa Mensahe. Hayaan ninyong si Cristo, ang pinahirang Salita, ang Siyang sumaliksik sa inyong kunsensiya. Hayaan ninyo Siyang makapasok sa inyo. Tingnan kung ito ba'y tama o mali. Isa o dalawang bagay lamang iyan sa daan-daang iba pa.

102 Sumasang-ayon ba ang Biblia sa isang babaeng nagpuputol ng kaniyang buhok? Sumasang-ayon ba ang Biblia sa tatlong bautismo sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo? Walang ganiyan ditto. Sumasang-ayon ba ang Biblia sa isang babaeng nagsusuot ng damit panlalaki? Tatlong katanungan lamang iyan, at mayroon pang daan-daan. Saliksikin ninyo ito sa Liwanag ng Salita ng Diyos.

103 Sasabihin mo, "Kasapi ako sa isang iglesia." Si Cain din;gayundin si Eva. Hinula ng Biblia sa mga huling araw na ang Laodecia ay magkakaganito. Hayaan ninyong saliksikin ng Banal na Espiritu ang inyong konsensiya, at makasasang-ayon kayo sa Daniel 5:12, ng pumaroon ang reyna kay Belteshasar at nagsabi…napag-alaman ninyong mayroong mga propeta at si Daniel ay isa sa kanila at isa siyang tagalusaw ng mga pag-aalinlangan.

104 Hayaan ninyong ang Banal na Espiritu—Siya ang propeta sa araw na ito. Hayaan ninyong pumasok Siya sa inyong mga puso ngayon din, at manure sa pamamagitan ng salita ng Diyos, at ang lahat ng mga pag-aalinlangan tungkol sa Mensahe ay mapapawi. Inaalis Niya ang lahat ng alinlangan. Malalaman ninyo na tugmang-tugma ito sa Salita para sa araw na ito.

105 Hindi mo maaaring ipangaral ang mensahe ni Luther ngayon! Kabilang din iyon; ngunit iyon ay ang mga paa. Hindi mo maaaring ipangaral si Wesley! Hindi mo maaaring ipangaral ang Pentecostal! Lagpas na tayo riyan. Nagdenomina na sila at nangamatay. Sila ang uhay.Ang uhay ay umusbong kasama ng dahon sa unang kalagayan ng Iglesia. Ngayon, ang isang iyon ay hindi kaanyo ng unang butyl na nabaon sa lupa, ang trigo.

106 Ang sumunod na umusbong ay ang bulaklak. Hindi pa rin ito kawangis ng binhi. Nahahawig na ng bahagya ang wangis nito sa binhi. Datapuwat ang mga dahon ay totoong hindi kawangis ng butyl na itinaninm sa lupa. Iyon ay tagapagdala ng Buhay na nasa binhi. Ngunit ano ang ginagawa nito? Nagdenomina ito tulad ng ibang pang kalikasan—tumugma iyon ditto. Namatay iyon.

107 Pagkatapos, ang Buhay ay pumanhik patungo sa bulaklak. Nagkaroon ito ng mga mumunting bolang nakabitin ditto. Mistula itong mga mumunting butyl; sa tingin ay tila iyon na ang tunay na butyl, ngunit hindi pa. Pagkatapos, iyon ay tutungo na sa ipa, at ano ang ibubunga nito? Isang ipa.

108 Ngayon kumuha kayo ng isang butyl sa trigo. Kapag ang trigo ay nagsimula pa lamang sumibol…gaya ng sinabi ni Jesus, "ang butyl ng trigo," at kunin mo ang trigong iyon at buksan mo; pitasin mo ito sa tangkay;tingnan mo iyon; sasabihin mo,

"Mayroon na kaming butyl ng trigo!" Mag-iingat kayo. Kawangis na kawangis iyon ng butil, ngunit wala ni katiting mang butil doon. Iyon ay ipa. Iyon ang mga Pentecostal. Katulad ng sinasabi sa Mateo 24:24, "Ano pa't ililigaw, kung maaari, pati ng mga hirang." Ngunit bulatlatin mo ang bawat luntiang dahon. Wala kang makikitang butil. Ang binhi ay naroon pa sa dulong likuran nito, at pagkatapos, ang Buhay ay aalis sa denominasyong iyon;tutungo na iyon sa butil.

109 Ano'ng mangyayari pagkatapos? Kapag nagpasimula ng tumubo ang binhi, at nagpasimula na itong lumaki, upang tumakip na ito sa isang bagay, humuhulagpos na ditto ang denominasyon.

:Bakit wala pang nabubuong denominasyon mula sa mensaheng ito?" Hinding hindi magkakaroon nito kailanman. Ito na ang butil. Hindi na ito maaaring sumulong pa. Nasa huling panahon na tayo.

110 Ano ang kinakailangang gawin nito ngayon? Ang magbilad sa init ng araw upang mahinog. Tugmang-tugma. Upang mahinog ang Salita sa inyong mga puso upang maipaminga at maipamuhay kung ano ang pinag-uusapan natin. Opo, kung magkagayon ay wala ka ng pag-aalinlangan pa, kung hahayaan mo ang Espiritu Santo ang magpahayag nito sa iyo. Katualad ng sinabi ng reyna tungkol kay Daniel.

Maaaring sabihin ninyo, "Ano ba ang kinalaman nito sa Pasasalamat? Ano'ng ibig mobg sabihin, Brother Branham? Heto't labinlimang minuto na lang bago mag-ikasiyam. Wala ka pang nababanggit tungkol sa Pasasalamat." Anong gandang mensahe nito para sa okasyong ito, para sa akin. Siyanga naman!

111 Ang mga ninono nating manlalakbay ay nangagpasalamat para sa kanilang bagong uri ng pamumuhay na natagpuan nila, sapagkat nahiwalay sila sa mga kredo at denominas ng matandang Ingles. Maaari silang silang magpakasal sa bagong pinahirang Salita ng kanilang kapanahunan. Tama'yan. Ang bago, pinahirang Salita ng kanilang panahon sa araw na iyon.

Tayo man ay dapat ding magpasalamat, bilang mga manlalakbay na tulad ni Abraham; ihiniwalay an gating mga sarili mula sa mga bagay ng sanlibutan at lahat ng mga may kaugnayan dito. Si Abraham ay isang manlalakbay. Ihiniwalay tayo ng Diyos mula sa lahat ng mga relhiyong patay – ako'y nangungusap ngayon sa buong bansa – sa lahat ng mga patay na kredo. Patungo saan? Naihiwalay tayo at nabuksan sa atin ang isang bagong lupain, isang bagong Mensahe para sa araw na ito.

112 Ang Pentecostes ay natuyo na at namatay. Katulad ni Luther, ni Wesley at iba pa sa kanila, sila'y pawang mga kalipunan na lamang ng mga iglesiang pinagsama-sama. Mayroon pang natitirang mga mabubuting tao sa mga iyon na kainlangang . . . magsilabas.

Ano ang ginawa Niya? Binuksan Niya ang Pitong Tatak, ng huling mensahe. Napansin ba ninyo iyon? Ang mga Pitong Tatak na kung saan ang lahat ng mga



"Brother Branham, pinatatawad na kita!" Pinatatawad mo ako! Paano mo akong patatawarin samantalang hindi ko naman ginawa ang mga iyon.

133 Ngayon, kung totoong ginawa ko iyon, ako'y nagkasala; at maaari mo akong patawarin at ako'y mapapawalang-sala; ngunit hindi pa akong inaring ganap dahil ako'y nagkasala. Ngunit ang ibig sabihin ng salitang *inaring ganap,* ay tila baga hindi mo ginawa iyon kalian man. Ni hindi nga iyon ibinibilang sa pagkakasala mo. Paanong nangyari iyon? Sa Aklat ng Diyos ng Kaniyang dagat ng pagkalimot, ang dati mong aklat at kasal ay hiwalay na't patay na at napawi na mula sa mga alaala ng Diyos. Amen! Ikaw ay inaring-ganap na. *Kaya't dahil inaring-ganap* . . . napagbintangan ka lang; hindi mo naman talaga nagawa iyon! Ang dating pakikipagisa ay nasa dagat na ng paglimot ng Diyos. Hindi ka naman talaga ikinasal doon. Siya ang iyong Nobya, Siya mismo ang pumas an ng kahihiyan mo, pinasan Niya iyon para sa iyo, humalili sa iyo. Hinalinhinan ka Niya, sapagkat ikaw ay nakatalaga nang magkabilang sa Kaniyang Nobya bago pa itatag ang sanlibutan. Sinabi iyan ng Biblia. Kayo ang pre-destinadong Binhi.

134 Paano kang humantong dito? Nadaya ka, kaya mo nagawa ang mga bagay na iyon, ng un among kasal – sa inyong mapakiapid na magulang na si Eva. Hindi ikaw ang may sala. Sa pamamagitan ng iyong kapanganakang likas, ikaw ay nagmana kay Eva, na nagkasala ng pakikiapid. Iyan ang dahilan kung bakit ikaw ay isinilang na mapakiapid. Ikaw ay makasalanan simula't sapul pa. Tama iyan. Nadaya ka lang kaya mo nagawa iyon. Wala kang . . . hindi mo iyon kasalanan. Hindi mo talaga iyon ginawa, dahil ang munting Binhing iyon na nasa iyo, ay nakatakdang maging ikaw bago pa itatag ang sanlibutan. Isinulat na ng Diyos ang iyong Pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero.

135 Tulad ng munting kuwento ko tungkol sa munting agila – palagi ninyong naririnig ito. Minsan, isang matandang magsasaka ang nagpalimlim sa kaniyang inahin. Kulang ang itlog na palilimliman niya sa inahin, kung kay't nang makapulot siya ng isang itlog ng agila ay inilahok niya iyon sa mga iyon. Nang mapisa ang agila, pinakakatawa-tawa ang hitsura niya sa lahat, kaiba ang anyo niya sa mga manok. Ang munting agila ay nakisalamuha sa kanila; kapag pumutak ang inahin, "Putak, putak, putak." Sasabihin ng munting agila, "Hindi ko kilala ang tunog na iyon, pero susundan ko parin siya."

136 At lumabas siya sa bakuran at nagsimulang magkalaykay sa bakuran at nagsimula siyang magkalaykay sa mga bunton ng dumi, at ang sabi, "Putak, putak, putak. Ang sarap nito. Ang sarap nito. Sali ka samin." Ang munting agilang iyon – hindi niya makain ang bagay na iyon. Basta nakikisama lang siya sa mga manok dahil wala siyang alam. Hindi niya alam kung ano'ng gagawin. At pagkatapos lalabas ang inahin, at mamumulot siya ng ganito at ng ganoon, at ang munting agilang iyon; wala siyang magawa kundi sikmurain ang mga iyon. Hindi niya alam kung papaano iyon gagawin.

sabi ay libu-libo.” Oo, ngunit alalahanin na ang mga iyon ay nagmumula sa loob ng dalawang libong taon, sa bawat panahong kanilang kinabilangan. Bawat . . . ang kapanahunan ni Luther at ang lupong iyon – at pagdaka’y nangamatay at nagsipagtatag ng organisasyon. Pagkatapos ay si Wesley naman, at pagkatapos ay dumating ang mga Pentacostal at ang mga iba pa pati na ang mga mumunting sanga ng Baptist, Presbyterian, Metodist, Nazarenes, Pilgrim Holiness, at iba pa.

128 Kita n’yo, ang lahat ng ito ay nagsanga mula rito tulad sa isang dahon. Ngunit alalahanin ninyo, nang ito’y gumulang at ang butil ay nagpasimulang mahinog, makikita n’yo na bago mahinog ang butil na iyon, kailangan munang mamatay ang lahat ng nasa tangkay nito. Alleluia! Hindi n’yo ba nakikita kung saan na tayo nakatayo? Ang buhay ay nasa butil nang muli! Ang siya ring Jesus sa anyo ng Nobya. Ang siya ring kapangyarihan, siya ring Iglesia, iyon din; ang siya ring Salita.

129 Ang salita ring iyon ay sinipisip at dumaloy sa lahat ng ito at lumitaw rito, at humantong sa isang ulo. At ang lahat ng Buhay na dumaloy doon, ay dumampot ng mga tao, at ngayon nabubuo na iyon sa isang ulo para sa Pag-agaw! (mangungusap ako tungkol diyan bukas ng gabi o kaya’y sa isang gabi, kung loloobin ng Panginoon.) Kapag ika’y hiwalay na sa un among pakikipag-isa – hindi ang dati mong natural na buhay ng mga bagay ng sanlibutan, kundi ng Buhay na Walang Hanggan. Nasumpungan ka ng Binhing-lahing iyon na nasa iyo na sa pasimula pa lang.

130 Ngayon, ang dati ninyong aklat ay kasama nang nawala ng dati ninyong pakikipag-isa. Ngayon, ang dati mong pangalan sa dati mong . . . ay nailipat na. ngayon, sasabihin mo, “Ibig mo bang sabihin sa akin na ang dati kong aklat . . . ?” Itinapon na iyon ng Diyos sa dagat ng kaniyang pagkalimot. Ikaw ngayo’y nakatayong sakdal sa harap ng Diyos.

131 Ngayon, ang pangalan mo ngayon ay nasa bagong Aklat na, hindi sa Aklat na Buhay, kundi sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Kung ano ang tinubos ng Kordero. Hindi ang dating aklat na iyong likas na pakikiisa kundi ikaw ay bagong Nobya. Aleluia! Ang bagong Buhay mo ay naroon sa Aklat ng Buhay ng Kordero – ang sertipiko ng iyong kasal, alleluia! Kung saan ang tunay mong binhing-lahing walang hanggan sa pasimula pa lamang ay nakakapit.

132 Ngayon, hindi ka lang pinatawad, kundi inari kang ganap. Luwalhati! Inaring ganap. Ang sabi ng Roma 5:1, *“Yamang mga inaring ganap sa pananampalataya . . .”* Tinganan n’yo ang kahulugan ng salitang iyan. Ang salitang iyan ay hindi nangangahulugang *pinatawad.* Ang ibag sabihin ng salitang iyan ay *inaring ganap.* Hindi iyan nangangahulugang na ikaw ay pinatawad. Halimbawa, nabalitaan mo na ako’y nalasing at nakagawa ng ilang mga masasamang bagay; at pagkatapos ay lalapit ka sa akin at sasabihin mo . . . at pagkatapos ay nalaman mo na hindi ko naman pala ginawa ang mga bagay na iyon. Pagkatapos ay lalapit ka sa akin ar sasabihin mo,



hiwaga ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia ay natatakan ng Pitong Selyo. Ang mga reformer ay hindi nagkaroon ng sapat na panahon upang gawin ito sa kanilang panahon. Hindi nagging sapat ang haba ng buhay nila. Ngunit ang pinagpalang kapahayagang ito ng Pitong Tatak ay nabuksan sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng isang hula lumabas patungong Arizona.

Tinanong ko ang Diyos nung isang araw, “Ano ang nais mong ipagawa sa akin at ako’y pinapunta Mo sa disyertong ito?” alam ba ninyong sa Moises ang sumulat ng Lumang Tipan? Siya nga iyon – ang unang apat na aklat ay naglahad ng mga kautusan at ng lahat ng iba pa: Genesis, Exodo, Levitico, at Deuteronomio. Siay ang sumulat ng Lumang Tipan. Para niya magawa iyon, kailangan niyang iwanan ang kaniyang mga kasama at mahal sa buhay at magtungo sa isang disyerto.

113 Si Pablo ang sumulat ng Bagong Tipan. Tama’yon. Sinulat niya ang aklat na mga taga-Roma pati na ang iba pa sa kanila; lahat ng iyon: Ang mga taga Hebreo, at ang Temoteo, at iba pa. at para niya magawa iyon, kinailangan niyang ihiwalay ang kaniyang sarili at magtungo sa Arabia, sa isang disyerto, sa loob ng tatlong taon upang makuha ang kapahayagan ng Diyos. O, sasabihin mo, “Paano naman sina Mateo, Marcos, Lucas at Juan?” sila ay mga manunulat na sumulat ng mga ginawa ni Jesus. Si Pablo ang naghimay nito upang mabuo ang Salita. Tama’yan.

114 Buweno, kung gayon, tingnan kung kinailangan niyang . . . kinailangan nilang magtungo sa isang diyerto at lumayo sa kanilang mga mahal sa buhay . . . Naaalala ba ninyo ang *Anong Oras na Ba, Ginoo?* Ilan ba sa inyo ang nakarinig nito, pakisabi, “Amen.” Tamang-tama nga ba iyon? Kung gayo’y nasa atin na ang kapahayagan sa mga huling araw na ito para sa mensahe ng Panginoong Diyos upang tipunin ang Kaniyang Nobya. Hindi ito ipinangako sa iba pang panahon. Ito’y ipinangako sa kapanahunang ito.

115 Malakias 4, Lucas 17:30, Juan 4:12, Joel 2:38. amg mga panga-kong iyon ay tugmang-tugma sa kung paanong ipinakilala ni Juan Bautista ang kaniyang sarili sa kasulatan. Ipinakilala rin ni Jesus ang kaniyang sarili. Ano ang sinabi nila? “Palayasin ang ganiyang klase ng tao. Si Juan ay isang mabangis na tao.” Hindi iyon kayang tanggapin ng iglesia. Iyan ang pardon. Hindi rin ito matatanggap ng iglesia sa araw na ito.

116 Ngunit sa Hinirang, ang Diyos ay nananawagan. Sa Hinirang: alam nila ito. Tinatawag ang matimtimang Nobya, ang Salita, ang Iglesia sa huling araw, ang Hinirang na Ginang ng ating Panginoong Jesus Cristo, ang Salita. Kung si Jesus ay Salita . . . Ilan bas a inyo ang naniniwala dito? Kung gayon, ang Nobya ay lagi nang bahagi ng Nobya, kaya ang Nobya ay hindi maaaring maging isang denominasyon; kinakailangan itong maging Salitang naipamamalas, para maging Nobya ni Cristo. Ipinangako Niyang gagawin Niya ito. Sinabi Niya kung paano Niya itong isasagawa.

117 Hindi Siya lumilihis sa Kaniyang pardon. Lagi Siyang sumusunod sa pardon. Minsan pa ay ginagawa Niya itong muli. Tinatawag palabas ang kaniyang matimtimang Nobya sa huling mga araw. Ang napakagandang Rebeca na naghihintay sa kaniyang Isaac. Napakagandang pagkakataon!

Ditto nailalantad ang dalawang Aklat na magiging napakahiwaga para sa inyo kapag binasa ninyo ang Pitong Kapanahunan ng Iglesiang. Ang dalawang Aklat – Ang Aklat na Buhay . . . ang isa ay nagsasabing maaaring mailagay ang pangalan mo roon, at hindi na iyon mabubura, at ang isa naman ay nagsasabi na papawiin Niya ang pangalan mo sa Aklat ng Buhay. Ito ang totoong maglalantad nito, dito mismo. (Titigil ako ng ilang sandali marahil sa ilang mga tala ko rito at sasapuhin ko ito bago tayo magwakas.)

118 Ang buhay ay isang sagradong bagay para sa Diyos, at ito ay nakatala sa Aklat. Ang Diyos ang May Akda na Buhay. Naniniwala ba kayo rito? Ang natural na buhay natin dito, na taglay natin dito ay isa lamang pagbaluktot nito. Dapat sana ay ito ang tamang Buhay sa pasimula pa lamang. Ngunit ito ay nabaluktot ng natural na kapanganakan.

119 Ang unang buhay o ang iyong unag pakikipag-isa, naging bahagi ka nito sa iyong kapanganakan sa pamamagitan ng kalikasan. Isang likas na gawa, isang likas na tao na nagkaroon ng kaugnayan – ang lalake at ang babae ay nagsama – nagkaroon ng ugnayan sa isat-isa sa isang seksuwal na pakikipag-relasyon na siyang naghatid ng iyong kapanganakang buhay dito, at iyan ay may kaugnayan sa kasalanan at kamatayan!

120 Bakit hindi ninyo Makita ang binhi ng serpente? Samantalang nakikita ninyo ang babae, isang pangalawang produkto. Walang ibang babae ang tulad niya; ang nilalang sa gayong kalikasan. At iyon ay para siya madaya. Batid ng Diyos . . . kung hindi Niya alam ang wakas mula pa sa pasimula ay hindi Siya Diyos. Kung hindi Siya impinit; hindi Siya maaaring maging impinit nang hindi Siya omnisiyente, omnipresente, nakaaalam ng lahat ng bagay, Eternal. Kaya't alam Niya ang lahat ng bagay, at kailangan Niyang likhain ang babaeng iyon. Wala pang asawa ang lalaki noon. Ang asawang babae at lalaki ay iisa pa. Parehong nasa kiniya ang pambabae at ang panlalaking espirito. Kinakailangan Niyang paghiwalayin iyon; kumuha ng pangalawang produkto matapos na malikha ang buong nilikha. Walang ibang babaeng nilikha ang Diyos, na kabilang sa orihinal na nilalang, ang makagagawa ng gayon. Nilikha siyang gayon upang magawa niya iyon. Alam Niyang gagawin niya iyon. Kung hindi ay hindi Siya Diyos.

121 Datapuwat kita n'yo, ang mga katangiang nasa Diyos ay kailangang maipakita. Siya ay dapat maging isang Tagapagligtas. At kung sakdal ang pagkakalikha Niya sa lahat ng bagay, gaya ng ginawa Niya, kung magkagayon ay walang mapapahamak. O, huwag kayong maging mga bata! Gumulang kayo! Nasa dulo na tayo ng daan.



122 Pansinin, ang kalikasang iyon ay may kaugnayan sa kamatayan. Ang un among asawang lalaki na dating may kapamahalaan sa iyo, ay ang iyong kalikasan sa pamamagitan ng likas na kapanganakan. Likas kang umiibig sa sanlibutan, sapagkat ikaw ang sanlibutan at bahagi ka ng sanlibutan. Tama ba'yon? Ang iyong mga pagnanasa, ay likas na maibigin sa sanlibutan,'pagkat bahagi ka nito. Ika'y bahagi ng kalikasan. Naniniwala ba kayo rito? Iyan ang iyong kalikasan . Iyan ang dahilan kung bakit dapat kayong ipanganak na muli. Kailangan kayong humiwalay. Kailangan kayong mamatay sa dating asawang lalaki. Hindi ka maaaring makisama sa . . . hindi mo maaaring sabihin, "Buweno hihiwalayan ko siya at isasabit dito sa itaas hanggang sa dumating ang pagkakataon." Hindi po, hindi lang dapat siya diniborsiyo. Dapat ay namatay na siya! Ang kalikasan ng sanlibutan ay kailangang mamatay kailangang kang makipag-isang muli sa panibagong kalikasan.

123 Ang pangalan mo na kakabit ng un among kalikasan ay ipinanganak at nailagay sa Aklat ng Buhay, at lahat ng iyon mga gawa ay nasulat din dito. Ang lahat ng iyong ginawa na may kaugnayan sa un among kalikasan ay nakasulat sa isang Aklat na tinaguriang Aklat na Buhay.

124 Mapapansin ninyo sa Daniel, noong siya'y pumaroon sa Isang Matanda sa mga araw, na ang buhok ay kasing puti ng balahibo ng tupa. Sampong libo at lbu-libo ay naparoong kasama Niya at naglingkod sa kaniya – Ang Nobya. At ang mga Aklat ay nabuksan, at ang iba pang Aklat ay nabuksan, na siyang Aklat ng Buhay. May mga banal na nangaroon na, ang Iglesia, ang Nobya. Isa pang Aklat ang nabuksan na siyang Aklat ng Buhay.

125 Ngayon, ngunit nang ika'y mahiwalay sa pakikipag-isang iyon sa pamamagitan ng espirituwal na kamatayan, ang mga likas na pagnanasa mong gupitin ang iyong buhok, ang likas na pagnanasa mong magsuot ng syorts, pintahan ang iyong mukha, ang likas na pagnanasa mong maging intelektuwal, maging matalinong lalaki; at higit na maalam kaysa iba.

126 Iyon ang hinangad ni Eva. Iyon mismo ang hinangad niya. Buweno, sasabihin mo, "Ikaw na napakaliit na dos por kuwatrong mangangaral, ang lakas ng loob mong tumayo riyan at pangaralan ako . . . Ako'y may Ph.D.,LL . . ." Lalo lang kayong napapalayo sa Diyos niyan, sa tuwing madadagdag kayo ng bagong titulo. Tama 'yan . . . Totoo'yan.

Kita n'yo, iyon ang kinuha ni Eva. Nabuntis siya nang gayong uri ng pagbubuntis. Ganiyan ang kalagayan ng iglesia ngayon, mga paaralan ng Biblia at mga taong intelektuwal, at tingnan n'yo ang bawat isa'y nagsasalungatan. Napakalaking gulo; katulad na katulad ito ng sinabi ng Biblea – Babilonia!

127 Alam ng Nobya kung saan Siya nakatayo. Siya'y iilan lamang. Hindi gasinong marami ang maliligtas. Kaunting-kaunting-kaunti lang. sasabihin mo, "Buweno, ang